

TA WHEED

3

ISINALIN SA TAGALOG NI:
MOHAMMAD TAHA ALI

توحيد

[باللغة الفلبينية (تجالوج)]

ترجمة:

محمد طه علي

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065

FAX 4970126 - E-Mail:rabwah@www.com

SHIRK **(Pagtatambal sa Allah)**

ANG KAHULUGAN NITO:

ANG SHIRK AY ANG PAGTATAKDA NG KATAMBAL SA ALLAH SA KANYANG PAGKAPANGINOON AT PAGKADIYOS. DATAPUWA'T ANG KADALASAN NA NANGYAYARE AY ANG PAGTATAMBAL SA KANYANG PAGKADIYOS, KATULAD NG PANALANGIN SA IBA PA SA KANYA O ANG PAGBALING DOON NG ANUMANG URI NG PAGESAMBA TULAD NG PAG-AALAY NG HAYOP, PANATA, PANGAMBA, PANG-AASAR AT PAGMAMAHAL.

ANG SHIRK ANG PINAKAMABIGAT SA MGA KASALANAN AT IYON AY SANHI NG MGA SUMUSUNOD NA KADAHILANAN.

1. SAPAGKA'T ANG SHIRK AY PAGWAWANGIS SA NILIKHA SA TAGAPAGLIKHA SA MGA KATANGIANG KAUGNAY SA PAGKADIYOS. KAYA NAMAN ANG SINUMANG MAGTAMBAL NG ISA MAN SA ALLAH AY INIWANGIS NA NIYA ITO SA ALLAH. AT ITO ANG PINAKAMABIGAT NA KAWALANG KATARUNGAN.

SINABI NG ALLAH: {إِنَّ الشِّرْكَ لَظُلْمٌ عَظِيمٌ}

{KATOTOHANAN, ANG PAGTATAMBAL (NG IBA PA SA PAGESAMBA SA ALLAH) AY TUNAY NGANG ISANG MALAKING KAWALANG KATARUNGAN}. LUQMAN (31): 13

ANG IBIG SABIHIN NG KAWALANG KATARUNGAN AY ANG PAGLALAGAY SA ISANG BAGAY SA HINDI NITO DAPAT KALAGYAN, KAYA ANG SINUMANG SUMAMBA SA IBA PA SA ALLAH AY KANYA NANG INILAGAY ANG PAGESAMBA SA HINDI NITO DAPAT KALAGYAN. AT KANYANG IBINALING ITO SA ISANG HINDI KARAPAT-DAPAT PARA DITO, AT IYON ANG PINAKAMABIGAT NA KAWALANG KATARUNGAN.

2. IPINABATID NG ALLAH NA HINDI NIYA PATATAWARIN ANG SINUMANG HINDI PINAGSISIHAN ANG SALANG ITO .

SINABI NG ALLAH: {إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ}

{KATOTOHANANG HINDI PATATAWARIN NG ALLAH ANG SALANG PAGTATAMBAL SA KANYA, SUBALI'T KANYANG PATATAWARIN ANG ANUMANG KASALANANG IBA PA ROON SA KUNG SINO ANG KANYANG NAISIN}. AN-NISA (4): 48

3. IPINABATID NG ALLAH NA KANYANG IPAGKAKAIT ANG PARAISO SA ISANG MUSHRIK (MAPAGTAMBAL) AT SIYA'Y MAMALAGI MAGPAKAILANMAN SA LUMALAGABLAB NA APOY NG IMPIYERNO.

SINABI NG ALLAH: {إِنَّهُ مَنْ يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدْ حَرَّمَ اللَّهُ عَلَيْهِ الْجَنَّةَ وَمَأْوَاهُ النَّارُ وَمَا لِلظَّالِمِينَ مِنْ أَنْصَارٍ}

{TUNAY NA ANG SINUMANG MAGTAMBAL SA ALLAH AY IPAGKAKAIT SA KANYA NG ALLAH ANG PARAISO AT ANG KANYANG MAGIGING HANTUNGAN AY ANG APOY. AT SA

KANILA NA MAPAGGAWA NG KAMALIAN AY WALANG MAKAKATULONG NA SINUMAN}. AL-MAIDAH (5): 72

4. ANG SHIRK AY NAGPAPAWALANG SAYSAY SA LAHAT NG MGA MABUBUTING GAWA.

SINABI NG ALLAH: {ذَلِكَ هُدَى اللَّهِ يَهْدِي بِهِ مَنْ يَشَاءُ مِنْ عِبَادِهِ وَلَوْ أَشْرَكُوا لَحِطَّ عَنْهُمْ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ} {YAON AY KAPATNUBAYAN NG ALLAH, KANYANG PINAPATNUBAYAN ANG SINUMANG KANYANG NAISIN MULA SA KANYANG MGA ALIPIN. AT KUNG SILA'Y GUMAWA NG PAGTATAMBAL SA ALLAH, ANG KANILANG MGA GINAWA AY MAPAPAWALAN NG SAYSAY}. AL-AN`AM (6): 88

5. ANG DUGO AT ARI-ARIAN NG ISANG MUSHRIK AY IPINAPAHINTULOT KAMKAMIN.

SINABI NG ALLAH: {فَاقْتُلُوا الْمُشْرِكِينَ حَيْثُ وَجَدْتُمُوهُمْ وَخُذُوهُمْ وَأَحْضُرُوهُمْ وَأَقْعُدُوا لَهُمْ كُلَّ مَرْصِدٍ} {KAYA'T PUKSAIN NINYO ANG MGA MUSHRIK KAHIT SAAN MAN NINYO SILA MATAGPUAN. INYONG BIHAGIN SILA AT PALIBUTAN SA KANILANG PINAGKUKUTAHAN, AT TAMBANGAN NINYO SILA SA LAHAT NG LUGAR NA KANILANG DINADAANAN}. AT-TAWBAH (9): 5

قَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «(أَمَرْتُ أَنْ أُقَاتِلَ النَّاسَ حَتَّى يُقُولُوا: لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، فَإِذَا قَالُوهَا عَصَمُوا مِنِّي دِمَاءَهُمْ وَأَمْوَالَهُمْ إِلَّا بِحَقِّ الْإِسْلَامِ، وَحَسَابُهُمْ عَلَى اللَّهِ)». رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ وَمُسْلِمٌ

SINABI NG PROPETA (ﷺ): [NAPAG-UTUSAN AKONG PUKSAIN ANG SANGKATAUHAN HANGGANG SA SILA AY MAGSASABI: NA WALANG DIYOS NA DAPAT SAMBAHIN MALIBAN SA ALLAH, AT KAPAG SINABI NILA ITO, MAKAKALIBRE SA AKIN ANG KANILANG DUGO AT ARI-ARIAN MALIBAN LAMANG SA MGA KARAPATAN NG ISLAM, SA GAYON ANG PAGTUTUOS NILA AY NASA ALLAH]. ISINALAYSAY NI AL-BUKHARI AT MUSLIM

6. ANG SHIRK ANG PINAKAMALAKI SA MGA KASALANAN.

قَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «(أَلَا أَنْتِبُكُمْ بِأَكْبَرِ الْكِبَايِرِ؟. قُلْنَا: بَلَى يَا رَسُولَ اللَّهِ. قَالَ: الشِّرْكُ بِاللَّهِ وَعُقُوبَةُ الْوَالِدَيْنِ)». رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ وَمُسْلِمٌ

SINABI NG PROPETA (ﷺ): [IBIG BA NINYONG IPABATID KO SA INYO ANG PINAKAMALAKI SA MGA KASALANAN? KAMI AY NAGSABI: OPO! O SUGO NG ALLAH. SINABI NIYA: ANG PAGTATAMBAL SA ALLAH AT ANG PANG-AABUSO SA DALAWANG MAGULANG]. ISINALAYSAY NI AL-BUKHARI AT MUSLIM

KAYA ANG SHIRK ANG PINAKAMABIGAT NA KAWALANG KATARUNGAN, SAMANTALANG ANG TAWHEED NAMAN ANG PINAKAMATUWID NA KATARUNGAN, YAYAMANG ANG SHIRK ANG PINAKAMATINDING KASALUNGAT NG KATARUNGAN, ITO ANG PINAKAMALAKI SA MGA MALALAKING KASALANAN.

HANGGANG SA KANYANG SABIHIN: YAYAMANG ANG SHIRK AY TUMATALIWAS MISMO SA TAWHEED AY WALANG PAGSALANG ITO ANG PINAKAMALAKI SA MGA MALALAKING KASALANAN AT IPINAGKAKAIT NG ALLAH ANG PARAISO SA BAWA'T MUSHRIK. AT

IPINAHIHINTULOT NA PADADANAKIN ANG KANYANG DUGO AT KAMKAMIN ANG ARI-ARIAN AT PAMELYA NITO SA MGA TAONG NANINIWALA SA TAWHEED (KAISAHAN NG ALLAH SA KANYANG PAGKADIYOS). AT PUWEDE NILANG GAWING MGA ALILA ANG MGA ITO PARA SA KANILA SA DAHILANG ITINATANGGI NILA SA KANILANG SARILI ANG PAGIGING ALIPIN NILA SA ALLAH. KAYA ITATANGGI DIN NG ALLAH ANG PAGTANGGAP SA ANUMANG MABUTING GAWAIN NG ISANG MUSHRIK. O TANGGAPIN KAYA ANG SINUMANG MAMAMAGITAN PARA SA KANYA, O DINGGIN KAYA SA KABILANG BUHAY ANG ANUMANG KAHILINGAN NITO, O TANGGAPIN KAYA DOON ANG ANUMANG MINIMITHI NITO.

TUNAY NA ANG MUSHRIK ANG PINAKAMANGMANG SA LAHAT NG MGA MANGMANG SA KAISAHAN NG ALLAH SAPAGKA'T NAGTALAGA SIYA SA ALLAH NG ISANG KAPANTAY, AT IYON ANG SUKDULANG KAMANGMANGAN KUNG PAANONG IYON DIN ANG SUKDULANG KAWALANG KATARUNGAN SA KANYA. KUNG TUTUUSIN AY HINDI SIYA NAKAGAWA NG KAWALANG KATARUNGAN SA KANYANG PANGINOON, BAGKUS SIYA'Y NAKAGAWA NG KAWALANG KATARUNGAN SA KANYANG SARILI.

7. ANG SHIRK AY ISANG KAKULANGAN AT KAPINTASAN NA SIYANG IKINAKAILA NG PANGINOON NA ANG MGA ITO'Y TATAGLAYIN NG KANYANG SARILI, KAYA ANG SINUMANG MAGTAMBAL SA ALLAH AY KANYANG PINATUTUNAYAN NA ANG MGA ITO AY ANGKOP SA ALLAH NA SIYA NAMANG IKINAKAILA NG KANYANG SARILI. ITO ANG SUKDULANG PAGSALUNGAT SA ALLAH AT SUKDULANG PAGMAMATIGAS AT PAGSASALANGSANG SA ALLAH.

MGA URI NG SHIRK

ANG SHIRK AY MAY DALAWANG URI:

UNA: MALAKING SHIRK, NA SIYANG NAGPAPATI WALAG (SA TAO) SA ISLAM AT NAGPAPANATILI SA NAKAGAWA NIYON SA IMPIYERNO KUNG SIYA'Y NAMATAY NG HINDI NAPAGSISIHAN IYON. ITO AY ANG PAGBALING SA ALINMAN SA MGA URI NG PAGSAMBA SA IBA PA SA ALLAH, TULAD NG PANALANGIN SA IBA PA SA ALLAH, PAGDULOG SA PAMAMAGITAN NG PAG-AALAY AT PAMAMANATA SA IBA PA SA ALLAH, GAYA NG MGA PUNTOD, MGA JINNI AT MGA DEMUNYO, AT ANG PANGAMBA SA MGA PATAY, MGA JINNI O MGA DEMUNYO, NA ANG MGA ITO AY MAKAKAPINSALA SA KANYA O MAKAPAGPAPASAKIT SA KANYA, AT ANG PAGHAHANGAD NG ISANG BAGAY SA IBA PA SA ALLAH, NA KUNG TUTUUSIN AY WALANG MAY KAKAYAHANG MAKAPAGDULOT NITO KUNDI ANG ALLAH, GAYA NG PAGPUPUNO SA MGA PANGANGAILANGAN AT PAGPAWI NG MGA KAHIRAPAN NA SIYANG GINAGAWA SA NGAYON SA PALIBOT NG MGA MAUSOLEO NA ITINAYO SA IBABAW NG MGA PUNTOD NG MGA WALI (TAGAMAMAHALA) AT MGA BANAL NA TAO.

SINABI NG ALLAH: {وَيَعْبُدُونَ مِنْ دُونِ اللَّهِ مَا لَا يَضُرُّهُمْ وَلَا يَنْفَعُهُمْ وَيَقُولُونَ هَؤُلَاءِ شَفَعَاؤُنَا عِنْدَ اللَّهِ}

{AT SILA AY SUMASAMBA SA IBA BUKOD PA SA ALLAH NA HINDI NAMAN NAKAPIPINSALA SA KANILA AT HINDI RIN NAKAPAGDUDULOT NG KAPAKINABANGAN

SA KANILA, AT SILA AY NAGSASABI: SILA ANG AMING MGA TAGAPAMAGITAN SA ALLAH}. YUNUS (10): 18

PANGALAWA: MALIIT NA SHIRK, NA HINDI NAMAN NAGPAPATIWALAG SA ISLAM SA NAKAKAGAWA NITO, SUBALI'T ITO AY NAKABABAWAS SA KAGANAPAN NG TAWHEED AT ITO AY NAGSISILBI RING DAAN PATUNGO SA MALAKING SHIRK.

ITO AY BINUBUO NG DALAWANG BAHAGI:

1. SHIRK NA LANTAD: ITO'Y NAGAGANAP SA SALITA AT GAWA. ANG HALIMBAWA NITO SA SALITA AY KATULAD NG PANUNUMPA SA IBA BUKOD SA ALLAH.

قال النَّبِيُّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: ((مَنْ حَلَفَ بِغَيْرِ اللهِ فَقَدْ كَفَرَ أَوْ أَشْرَكَ)).

SINABI NG PROPETA (ﷺ): [ANG SINUMANG MANUMPA SA IBA BUKOD SA ALLAH AY NAKAGAWA NA NG KUFR O NAKAGAWA NA NG SHIRK]. ITO AY ISANG MAPAPANALIGANG HADITH

AT ANG PAGSABI NG GANITO: “KUNG NILOOB NG ALLAH AT NILOOB MO”.

عَنْ ابْنِ عَبَّاسٍ رَضِيَ اللهُ عَنْهُمَا، أَنَّ رَجُلًا قَالَ لِلنَّبِيِّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: مَا شَاءَ اللهُ وَشِئْتُ، فَقَالَ: (أَجَعَلْتَنِي لِلَّهِ نِدًّا؟ مَا شَاءَ اللهُ وَحْدَهُ). رَوَاهُ النَّسَائِيُّ

SI IBN ABBAS (SUMAKANILA NAWA ANG KALUGURAN NG ALLAH) AY NAG-ULAT TUNGKOL SA ISANG LALAKI NA NAGSABI SA PROPETA (ﷺ): KUNG NILOOB NG ALLAH AT NILOOB MO. KAYA SIYA (ANG PROPETA) AY NAGSABI: GINAWA MO BA AKONG ISANG KAPANTAY NG ALLAH? ANG SABIHIN MO: KUNG NINAIIS NG ALLAH LAMANG]. ISINALAYSAY NI AN-NASAI

AT ANG PAGSABI NG GANITO; “KUNG HINDI DAHIL SA ALLAH AT KAY GINOO”. BAGKUS ANG TAMANG PAGSASABI AY GANITO: “KUNG NINAIIS NG ALLAH AT PAGKATAPOS AY NI GINOO” – “KUNG HINDI DAHIL SA ALLAH AT PAGKATAPOS AY KAY GINOO”. SAPAGKA'T ANG PAGSASABI NG “AT PAGKATAPOS” AY NAGPAPAHIWATIG NG “PAGKAKASUNOD” AT MAY KALAKIP NA “PATLANG NA PANAHON” AT TULOY NA LUMALABAS ITO NA ANG KALOOBAN NG TAO AY NAPAPASAILALIM SA KALOOBAN NG ALLAH.

TULAD NG PAGKASABI NG ALLAH: {وَمَا تَشَاءُونَ إِلَّا أَنْ يَشَاءَ اللهُ رَبُّ الْعَالَمِينَ}

{AT KAYO AY HINDI MAKAGAGAWA NG ANUMANG NAIS NINYONG GAWIN MALIBAN NA ITO AY PAHINTULUTAN NG ALLAH, ANG PANGINOON NG LAHAT NG NILALANG}. AT-TAKWIR (81): 29

PATUNGKOL NAMAN SA PAGSABI NG: “AT” AY LUBOS NA NAGPAPAHIWATIG SA PAGKA-ISA AT PAGKATAMBAL, HINDI NAGPAPAHIWATIG NG PAGKASUNOD. ANG HALIMBAWA NITO AY ANG PAGSABI NG: “HINDI AKO MAGKAKARON KUNG HINDI DAHIL SA ALLAH AT SA IYO” – “IYAN AY GALING SA KASAGANAAN NG ALLAH AT SA IYONG KASAGANAAN”.

AT ANG HALIMBAWA NAMAN NITO SA GAWAIN: (NA NAPALOOB SA SHIRK NA HAYAG) AY KATULAD NG PAGSUSUOT NG SINGSING, KUWINTAS O ISANG BAGAY NA YARI SA TAHI PARA MAWALA ANG KARAMDAMAN O MAHADLANGAN ITO, AT KATULAD NG PAGGAMIT NG MGA ANTING-ANTING DAHIL SA PANGAMBANG BAKA MAUSOG O IBA PANG MGA KATULAD NITO.

KAPAG PINANIWALAAN NA ANG MGA IYON AY MGA DAHILAN SA PAGKAWALA NG KARAMDAMAN O PAGHAHADLANG DOON, ITO'Y MALIIT NA SHIRK, SAPAGKA'T ANG MGA IYON AY HINDI GINAWA NG ALLAH NA MGA DAHILAN (SA PAGLUNAS NG MGA KARAMDAMAN). BAGKUS, KUNG PINANIWALAAN NA ANG MGA IYON MISMO ANG SIYANG HUMAHADLANG O NAGPAPAWI NG KARAMDAMAN. ITO'Y MALAKING SHIRK, SAPAGKA'T SIYA AY UMAASA NA SA IBA PA SA ALLAH.

2. SHIRK NA LINGID: ITO'Y ANG SHIRK NA KAUGNAY SA MGA PAGNANAIS AT MGA LAYUNIN, TULAD NG PAGPAPAKITANG TAO AT PAGPAPARINIG, KATULAD HALIMBAWA NG PAGGAWA NG MGA GAWAING IKAPAGPAPALIT SA ALLAH, SA LAYUNING MAPAPURIHAN SIYA NG MGA TAO GAYA NG PAGPAPAGANDA SA PAGESASAGAWA NG KANYANG SALAH, O KAYA PAGKAKAWANGGAWA UPANG IPAGBUNYI AT PAPURIHAN SIYA, O PAG-USAL NG DHIKR KASABAY NG PAGPAPAGANDA NG KANYANG TINIG SA PAGBIKAS NITO UPANG MARINIG SIYA NG MGA TAO AT PAPURIHAN SIYA AT IPAGBUNYI NG MGA ITO.

ANG PAGPAPAKITANG TAO, KAPAG ITO'Y NAHALO SA MABUTING GAWAIN AY MAGPAPAWALANG SAYSAY SA NASABING GAWAIN.

ANG ALLAH AY NAGSABI: {فَمَنْ كَانَ يَرْجُوا لِقَاءَ رَبِّهِ فَلْيَعْمَلْ عَمَلًا صَالِحًا وَلَا يُشْرِكْ بِعِبَادَةِ رَبِّهِ أَحَدًا} {KAYA'T SINUMAN ANG UMAASAM SA PAKIKIPAGTAGPO SA KANYANG PANGINOON AY GUMAWA NG MABUTING GAWAIN AT HUWAG SIYANG MAGTAMBAL NG ANUPAMAN SA PAGESAMBA SA KANYANG PANGINOON}. AL-KAHF (18): 110

وَقَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: ((إِنَّ أَحْوَفَ مَا أَخَافُ عَلَيْكُمُ الشِّرْكَ الْأَصْعَرَ، قَالُوا: يَا رَسُولَ اللَّهِ، وَمَا الشِّرْكَ الْأَصْعَرُ؟ قَالَ: الرِّيَاءُ)).

AT SINABI NG PROPETA (ﷺ): [ANG HIGIT NA NAKAKATAKOT SA IKINATATAKOT KO PARA SA INYO AY ANG MALIIT NA SHIRK. SILA AY NAGSABI; O SUGO NG ALLAH! AT ANO PO ANG MALIIT NA SHIRK? SINABI NIYA: ANG PAGPAPAKITANG TAO]. ISINALAYSAY NI AHMAD AT NG IBA PA SA KANYA.

KABILANG DITO ANG GAWAING ISINASAGAWA DAHIL SA MAKAMUNDONG HANGARIN, GAYA NG PAGESASAGAWA NG HAJJ O PAGESASAGAWA NG ADHAN O PAMUMUNO SA MGA TAO SA DASAL DAHIL SA SALAPI, O MAG-ARAL NG KAALAMANG PANGRELIHIYON, O MAKIKIBAKA DAHIL SA SALAPI.

قَالَ النَّبِيُّ (ﷺ): ((تَعَسَّ عَبْدُ الدِّينَارِ وَعَبْدُ الدَّرْهَمِ وَعَبْدُ الحَمِيصَةِ وَعَبْدُ الحَمِيْلَةِ، إِنْ أُعْطِيَ رِضِي، وَإِنْ لَمْ يُعْطَ سَخِطَ))

SINABI NG PROPETA (ﷺ): [SAWI ANG ALIPIN NG DINAR, ANG ALIPIN NG DIRHAM, ANG ALIPIN NG KHAMISAH (BALABAL) AT ANG ALIPIN NG KHAMILAH (IBANG URING

BALABAL), KUNG PAGKAKALOOBAN AY NALULUGOD AT KUNG HINDI PAGKAKALOOBAN AY NAGHIHINAKIT]. ISINALAYSAY NI AL-BUKHARI

SINABI NI IMAM IBNUL QAYYIM (SUMAKANYA NAWA ANG HABAG NG ALLAH): AT HINGGIL SA SHIRK KAUGNAY SA MGA PAGNANAIS AT MGA LAYUNIN, ANG MGA ITO AY PARANG DAGAT NA WALANG BAYBAYIN AT KAKAUNTI LAMANG ANG NAKALILIGTAS DOON, KAYA ANG SINUMANG SA KANYANG PAGGAWA ANG NINAIS AY HINDI ANG PAGTAMO NG KASIYAHAN NG ALLAH AT ANG HINANGAD AY ISANG BAGAY NA WALANG KINALAMAN SA IKAPAGPAPALAPIT SA ALLAH AT KANYANG HINILINGAN ITO NG GANTIMPALA SIYA AY NAKAGAWA NA NG SHIRK SA KANYANG LAYUNIN AT PAGNANAIS.

ANG IBIG SABIHIN NG “AL-IKHLAS” AY ANG PAGIGING TAPAT SA ALLAH SA GAWA, SALITA, PAGNANAIS AT SA MGA LAYUNIN.

ANG IBIG SABIHIN NAMAN NG “HANIFIYYAH” AY ANG DALISAY NA RELIHIYON NI PROPETA IBRAHIM NA SIYANG IPINAG-UTOS NG ALLAH SA LAHAT NG KANYANG MGA LINGKOD. AT HINDI NIYA TATANGGAPIN BUHAT SA KANINUMAN ANG IBA PA ROON, SAPAGKA’T IYON ANG DIWA NG ISLAM.

GAYA NG SINABI NG ALLAH: {وَمَنْ يَبْتَغِ غَيْرَ الْإِسْلَامِ دِينًا فَلَنْ يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِي الْآخِرَةِ مِنَ الْخَاسِرِينَ}

{AT SINUMAN ANG MAGHANGAD NG IBA PANG RELIHIYON MALIBAN SA ISLAM, KAILANMAN AY HINDI ITO TATANGGAPIN SA KANYA, AT SIYA AY MAPAPABILANG SA MGA TALUNAN SA KABILANG BUHAY}. AL-IMRAN (3): 85

ITO ANG RELIHIYON NI PROPETA IBRAHIM (SUMAKANYA NAWA ANG KAPAYAPAAN), ANG SINUMANG UYAW NITO SIYA NA ANG PINAKA-ULOL SA MGA HANGAL.

NABUBUOD SA NATALAKAY NA MAYROONG PAGKAKA-IBA SA PAGITAN NG MALAKING SHIRK AT MALIIT NA SHIRK, AT ANG MGA IYON AY ANG MGA SUMUSUNOD:

1. ANG SHIRK NA MALAKI AY NAGTITIWALAG SA TAO SA ISLAM, SAMANTALANG ANG SHIRK NA MALIIT AY HINDI NAGPAPATIWALAG SA ISLAM.
2. ANG MALAKING SHIRK AY NAGPAPANATILI SA GUMAWA NITO SA IMPIYERNO, SAMANTALANG ANG MALIIT NA SHIRK AY HINDI NAGPAPANATILI SA GUMAWA NITO SA IMPIYERNO, KUNG SAKALING MAPASOK SIYA ROON.
3. ANG MALAKING SHIRK AY NAGPAPAWALANG SAYSAY SA LAHAT NG MGA MABUTING GAWA, SAMANTALANG ANG SHIRK NA MALIIT AY HINDI NAGPAPAWALANG SAYSAY SA LAHAT NG MGA MABUTING GAWA, ANG NAWAWALAN LAMANG NG SAYSAY AY ANG GAWANG GINAWA DAHIL SA PAKITANG TAO, AT ANG GAWANG ALANG-ALANG SA MAKAMUNDONG LAYUNIN AT ANG GAWANG NAHALUAN NG DALAWANG ITO.
4. ANG MALAKING SHIRK AY PINAPAHINTULUTANG PADADANAKIN ANG DUGO NG GUMAGAWA NITO AT KAMKAMIN ANG KANYANG ARI-ARIAN, SAMANTALANG ANG MALIIT NA SHIRK AY HINDI IPINAHIHINTULOT ANG DALAWANG ITO (ANG DUGO AT ANG KAYAMANAN).

KUFR **(Pagtalikod sa Pananampalataya)**

ANG KAHULUGAN NITO:

SA LITERAL NA KAHULUGAN: PAGTATABON AT PAGTATAKIP.

SA PAMBATAS NA KAHULUGAN: KASALUNGATAN NG PANANAMPALATAYA.

SAMAKATUWID ANG KUFR AY ANG KAWALAN NG PANINIWALA SA ALLAH AT SA KANYANG MGA SUGO. MAGING IYON MAN AY MAY KASAMANG PAGPAPABULA O WALANG KASAMANG PAGPAPABULA, DATAPUWA'T KAHIT IYON PA MAN AY ISANG PAGDUDUDA O PAG-AALINLANGAN O PAGTANGGI O INGGIT O PAGMAMALAKI O PAGSUNOD SA ILANG MGA TIWALING HILIG NA HUMAHADLANG SA PAGSUNOD SA MENSAHE, BAGAMA'T ANG NAGPAPABULA ANG MAY PINAKAMALAKING PAGKA-KUFR. GAYON DI NAMAN ANG NAGKAKAILANG NAGPAPABULA PA DALA NG INGGIT, BAGAMA'T NAKAKATIYAK SA PAGKATOTOO NG MGA SUGO.

ANG MGA URI NITO:

ANG KUFR AY MAY DALAWANG URI:

UNA: MALAKING KUFR NA NAGPAPATIWALAG BUHAT SA ISLAM, AT ITO AY BINUBUO NG LIMANG BAHAGI:

1. KUFR SANHI NG PAGPAPABULA.

ANG ALLAH AY NAGSABI:

{وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنِ افْتَرَى عَلَى اللَّهِ كَذِبًا أَوْ كَذَّبَ بِالْحَقِّ لَمَّا جَاءَهُ أَلَيْسَ فِي جَهَنَّمَ مَثْوًى لِّلْكَافِرِينَ}

{ AT SINO PA ANG HUMIGIT NA DI-MAKATARUNGAN SA TAONG GUMAWA-GAWA NG KASINUNGALINGAN LABAN SA ALLAH O PINABULAANAN ANG KATOTOHANAN NANG ITO AY DUMATING SA KANYA. HINDI BA'T SA IMPIYERNO AY MAY TAHANAN PARA SA MGA TUMATANGGING SUMAMPALATAYA}. AL-ANKABUT (29): 68

2. KUFR SANHI NG PAG-AYAW AT PAGMAMALAKI GAYONG MAY PANINIWALA NAMAN.

ANG ALLAH AY NAGSABI:

{وَإِذْ قُلْنَا لِلْمَلَائِكَةِ اسْجُدُوا لِآدَمَ فَسَجَدُوا إِلَّا إِبْلِيسَ أَبَىٰ وَاسْتَكْبَرَ وَكَانَ مِنَ الْكَافِرِينَ}

{AT TANDAAN NANG SABIHIN NAMIN SA MGA ANGHEL: MAGPATIRAPA KAYO KAY ADAM. KAYA SILA AY NAGSIPATIRAPA MALIBAN KAY IBLIS, SIYA AY TUMANGGI AT NAGMALAKI KAYA NAPABILANG SIYA SA MGA WALANG PANANAMPALATAYA}. AL-BAQARAH (2): 34

3. KUFR SANHI NG PAGDUDUDA (ITO ANG KUFR SANHI NG MALING AKALA).
ANG ALLAH AY NAGSABI:

{وَدَخَلَ جَنَّتَهُ وَهُوَ ظَالِمٌ لِنَفْسِهِ قَالَ مَا أَظُنُّ أَنْ تَبِيدَ هَذِهِ أَبَدًا، وَمَا أَطُنُّ السَّاعَةَ قَائِمَةً وَلَئِنْ رُدِدْتُ إِلَىٰ رَبِّي لَأَجِدَنَّ خَيْرًا مِنْهَا مُنْقَلَبًا، قَالَ لَهُ صَاحِبُهُ وَهُوَ يُحَاوِرُهُ أَكَفَرْتَ بِالَّذِي خَلَقَكَ مِنْ تُرَابٍ ثُمَّ مِنْ نُطْفَةٍ ثُمَّ سَوَّاكَ رَجُلًا، لَكِنَّا هُوَ اللَّهُ رَبِّي وَلَا أُشْرِكُ بِرَبِّي أَحَدًا}

{AT SIYA AY PUMASOK SA KANYANG HALAMANAN HABANG NAKAKAGAWA NG KAMALIAN SA KANYANG SARILI (DAHILAN SA KAWALAN NG KANYANG PANANAMPALATAYA). SIYA AY NAGSABI: HINDI KO INAAKALA NA ITO AY MAGLALAHO PA KAILANMAN. AT HINDI KO RIN INAAKALA NA ANG ORAS (NG PAGHUHUKOM) AY DARATAL NGA, AT KUNG KATOTOHANAN NA AKO AY MULING IBABALIK SA AKING PANGINOON, AKO AY NAKATITIYAK NA AKING MATATAGPUAN DOON ANG HIGIT NA MAINAM PA RITO NA BABALIKAN. ANG KANYANG KASAMA (NA MAY PANANAMPALATAYA) AY NAGSABI SA KANYA, HABANG SIYA AY NANGUNGUSAP SA KANYA: IKAW BAGA AY NAGTAKWIL SA KANYA, NA LUMIKHA SA IYO MULA SA ALABOK, AT PAGKARAAN AY MULA SA NUTFAH (MAGKAHALONG PATAK NG SEMILYA NG LALAKI AT BABAE), AT PAGKATAPOS, IKAW AY KANYANG HINUBOG BILANG ISANG GANAP NA LALAKI? DATAPUWA'T AKO (AY MAGSASABI): SIYA ANG ALLAH ANG AKING PANGINOON, AT AKO AY HINDI MAGTATAMBAL NG ANUPAMAN SA AKING PANGINOON}. AL-KAHF (18): 35-38

4. KUFR SANHI NG PAGTANGGING PALAYO:

ANG ALLAH AY NAGSABI: {وَالَّذِينَ كَفَرُوا عَمَّا أُنذِرُوا مُعْرِضُونَ}

{DATAPUWA'T SILA NA NAGSITAKWIL NG PANANAMPALATAYA AY TUMATALIKOD SA MGA IBINIBIGAY NA BABALA SA KANILA}. AL-AHQAF (46): 3

5. KUFR SANHI NG KAWALANG KATAPATAN:

ANG ALLAH AY NAGSABI: {ذَلِكَ بِأَنَّهُمْ آمَنُوا ثُمَّ كَفَرُوا فَطُبِعَ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ فَهُمْ لَا يَفْقَهُونَ}

{ITO AY SA DAHILANG SILA AY NAGSISAMPALATAYA, AT MULI AY NAGTAKWIL NG PANANAMPALATAYA, KAYA'T PINASAKAN ANG KANILANG MGA PUSO, AT SA GAYON SILA AY HINDI NAKAKAUNAWA}. AL-MUNAFIQUN (63): 3

PANGALAWA: MALIIT NA KUFR NA HINDI NAGPAPATI WALAG BUHAT SA ISLAM AT IYON AY ANG KUFR KAUGNAY SA GAWAIN. ITO AY ANG MGA KASALANANG BINANSAGAN NG PAGKA-KUFR NA NASASAAD SA QURAN AT SA SUNNAH, SUBALI'T HINDI NAMAN HUMAHANTONG SA PAGIGING MALAKING KUFR.

TULAD NG PAGKA-KUFR (KAWALANG UTANG NA LOOB) SA BIYAYA NA NABANGGIT SA SINABI NG ALLAH:

{وَضَرَبَ اللَّهُ مَثَلًا قَرْيَةً كَانَتْ آمِنَةً مُطْمَئِنَّةً يَأْتِيهَا رِزْقُهَا رَغَدًا مِنْ كُلِّ مَكَانٍ فَكَفَرَتْ بِأَنْعُمِ اللَّهِ فَأَذَاقَهَا اللَّهُ لِبَاسَ الْجُوعِ وَالْخَوْفِ بِمَا كَانُوا يَصْنَعُونَ}

{AT ANG ALLAH AY NAGBIGAY NG HALIMBAWA NG ISANG BAYAN (MAKKAH) NA DATI'Y NANINIRAHAN NANG PANATAG AT MATIWASAY, ANG MGA PANUSTOS NA KABUHAYAN

NITO AY DUMARATING DITO NANG SAGANA MULA SA LAHAT NG LUGAR, DATAPUWA'T ITO (ANG PAMAYANAN) AY NAGTATWA SA MGA PAGPAPALA (AT BIYAYA) NG ALLAH. KAYA'T HINAYAAN NG ALLAH NA LASAPIN NITO ANG MATINDING GUTOM AT PANGAMBA, DAHILAN SA KANILANG MGA GINAGAWANG (KASAMAAN}. AN-NAHL (16): 112

ANG IBA PANG HALIMBAWA NITO AY ANG PAKIKIPAG-AWAY SA ISANG MUSLIM.

قَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: ((سِبَابُ الْمُسْلِمِ فُسُوقٌ وَقِتَالُهُ كُفْرٌ)). مُتَّفَقٌ عَلَيْهِ

SINABI NG PROPETA (ﷺ): [ANG PAGLALAIT SA ISANG MUSLIM AY PAGKASUWAIL AT ANG PAKIKIPAG-AWAY SA KANYA AY KAWALAN NG PANANAMPALATAYA]. ISINALAYSAY NI AL-BUKHARI AT MUSLIM

وَقَالَ أَيضًا: ((لَا تَرْجِعُوا بَعْدِي كُفْرًا يَضْرِبُ بَعْضُكُمْ أَعْنَاقَ بَعْضٍ)). مُتَّفَقٌ عَلَيْهِ

AT SINABI PA NIYA (ﷺ): [HUWAG KAYONG BUMALIK SA KAWALAN NG PANANAMPALATAYA PAGKARAAN KO, NA TINATAGA NG IBA SA INYO ANG LEEG NG IBA]. ISINALAYSAY NI AL-BUKHARI AT MUSLIM

AT ANG IBA PANG HALIMBAWA NITO: ANG PANUNUMPA SA IBA BUKOD SA ALLAH.

قَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: ((مَنْ حَلَفَ بِغَيْرِ اللَّهِ فَقَدْ كَفَرَ أَوْ أَشْرَكَ)).

SINABI NG PROPETA (ﷺ): [ANG SINUMANG MANUMPA SA IBA BUKOD SA ALLAH AY NAKAGAWA NG KAWALAN NG PANANAMPALATAYA O NAKAGAWA NG PAGTATAMBAL (SA ALLAH)]. ITO AY ISANG MAPAPANALIGANG HADITH

GAYUN PA MAN, ITINUTURING PA RIN NG ALLAH ANG NAKAGAWA NG MALAKING KASALANAN NA ISANG MANANAMPALATAYA.

SINABI NG ALLAH: { يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُتِبَ عَلَيْكُمُ الْقِصَاصُ فِي الْقَتْلِ }

{O KAYONG MGA MANANAMPALATAYA! GINAWANG TUNGKULIN SA INYO ANG QISAS (ANG PAGPAPATUPAD NG BATAS NG PAGKAKAPANTAY-PANTAY) KAUGNAY SA MGA NAPATAY}. AL-BAQARAH (2): 178

SAMAKATUWID, SILANG MGA MUSLIM NA PUMASLANG AY HINDI NATIWALAG SA PAGIGING KABILANG SA MGA SUMASAMPALATAYA AT GINAWA PA SIYANG KAPATID NG NAMATAYAN.

SINABI NG ALLAH: { فَمَنْ عُفِيَ لَهُ مِنْ أَخِيهِ شَيْءٌ فَاتِّبَاعٌ بِالْمَعْرُوفِ وَأَدَاءٌ إِلَيْهِ بِإِحْسَانٍ }

{KAYA ANG SINUMANG PINATAWAD SA KANYA NG KANYANG KAPATID (ANG KASONG PAGPASLANG KAPALIT) NG ISANG BAYAD PINSALA AY KAILANGAN SA HUMILING NIYON (TATANGGAP NG BAYAD PINSALA) NA SUMUNOD SA KUNG ANO ANG SIYANG MAKATUWIRAN. AT ANG DAPAT DIN SA PUMASLANG AY IBIBIGAY NIYA ANG BAYAD PINSALA SA KANYA (SA KAMAG-ANAK NG PINASLANG) SA MAINAM NA PARAAN AT WALANG KALAKIP NA PAMIMINSALA}. AL-BAQARAH (2): 178

ANG IBIG SABIHIN DITO NG PAGIGING MAGKAPATID AY ANG KAPATIRAN SA RELIHIYON, AT ITO'Y HINDI NAPAG-AALINLANGANAN. SINABI NG ALLAH:

{وَإِنْ طَائِفَتَانِ مِنَ الْمُؤْمِنِينَ اقْتَتَلُوا فَأَصْلِحُوا بَيْنَهُمَا فَإِنْ بَغَتْ إِحْدَاهُمَا عَلَى الْأُخْرَى فَقَاتِلُوا الَّتِي تَبْغِي حَتَّى تَفِيءَ إِلَى أَمْرِ اللَّهِ فَإِنْ فَاءَتْ فَأَصْلِحُوا بَيْنَهُمَا بِالْعَدْلِ وَأَقْسِطُوا إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الْمُقْسِطِينَ، إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ إِخْوَةٌ فَأَصْلِحُوا بَيْنَ أَخَوَيْكُمْ وَاتَّقُوا اللَّهَ لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ}

{AT KUNG ANG DALAWANG PANGKAT MULA SA LIPON NG MGA SUMASAMPALATAYA AY NAGSAGUPAAN, MAGKAGAYON INYONG PAGKASUNDUIN SILA SA ISA'T ISA, DATAPUWA'T KUNG ANG ISA SA KANILA AY GUMAWA NG KARAHASAN LABAN SA ISA, KUNG GAYON, PUKSAIN NINYO ANG GUMAGAWA NG KARAHASAN HANGGANG SA ITO AY TUMALIMA SA KAUTUSAN NG ALLAH, AT KUNG ITO AY TUMALIMA, INYONG PAGKASUNDUIN ANG HIDWAAN SA PAGITAN NILA SA KATARUNGAN, AT MAGING MAKATARUNGAN KAYO. KATOTOHANANG ANG ALLAH AY NAGMAMAHAL SA MGA (TAONG) MAKATARUNGAN. KATOTOHANAN, ANG MGA MANANAMPALATAYA LAMANG ANG TUNAY NA MAGKAKAPATID, KAYA MAKIPAGKASUNDO KAYO SA PAGITAN NG INYONG MGA KAPATID, AT MATAKOT KAYO SA ALLAH UPANG KAYO AY KAHABAGAN}.

AL-HUJURAT (49): 9-10

ANG BUOD NG MGA PAGKAKAIBANG NAMAMAGITAN SA MALAKING KUFR AT MALIIT NA KUFR:

1. ANG MALAKING KUFR AY NAGPAPATIWALAG SA ISLAM AT NAGPAPAWALANG SAYSAY SA MGA MABUTING GAWA, SAMANTALANG ANG MALIIT NA KUFR AY HINDI NAGPAPATIWALAG SA ISLAM AT HINDI RIN NAGPAPAWALANG SAYSAY SA MGA MABUTING GAWA, SUBALI'T NAKABABAWAS SA GANTIMPALA NITO AYON SA PAGKA-KUFR, AT ANG GUMAGAWA NITO AY NAPAPASAILALIM SA KATAKOT-TAKOT NA BANTA.
 2. ANG MALAKING KUFR ANG DAHILAN NG PANANATILI SA IMPIYERNO NG NAKAGAWA NITO, SAMANTALANG ANG MALIIT NA KUFR KUNG MAKAPASOK MAN ANG GUMAWA NITO SA IMPIYERNO AY HINDI SIYA MANANATILI SA LOOB NITO, AT MAAARI DIN NAMANG PATATAWARIN NG ALLAH ANG NAKAGAWA NITO. KAYA HINDI NA SIYA MAIPAPASOK SA IMPIYERNO.
 3. ANG MALAKING KUFR AY PUWEDENG PADANAKIN ANG DUGO NG GUMAGAWA NITO AT ANGININ ANG KANYANG KAYAMANAN, SAMANTALANG ANG MALIIT NA KUFR AY HINDI PUWEDENG PADANAKIN ANG DUGO NITO AT HINDI RIN PUWEDENG ANGININ ANG KAYAMANAN NITO.
 4. ANG MALAKING KUFR AY NAGSISILBING DAHILAN UPANG MAGKAROON NG MATINDING PAGKAPOOT SA PAGITAN NG GUMAGAWA NITO AT NG MGA MANANAMPALATAYA. KAYA HINDI NARARAPAT SA MGA MANANAMPALATAYA NA PAG-UUKULAN SIYA NG PAGMAMAHAL AT TANGKILIKIN KAHIT PA MAN ITO'Y NAKALAPIT NA KAMAG-ANAK.
- AT TUNGKOL NAMAN SA MALIIT NA KUFR AY HINDI TALAGA IPINAGBABAWAL ANG PAGTANGKILIK RITO, BAGKUS ANG GUMAGAWA NITO AY MINAMAHAL. AT TINATANGKILIK AYON SA LAKI NG KANYANG PANANAMPALATAYA AT SIYA'Y KASUSUKLAMAN AT KAPOOOTAN AYON SA LAKI NG KANYANG KASAMAAN.

NIFAQ (Pagkukunwari)

ANG NIFAQ SA PAGPAPAKAHULUGAN NG ISLAM AY NANGANGAHULUGANG “PAGPAPAKITA NG PAG-ANIB SA ISLAM AT KABUTIHAN, AT PAGLILINGID NG PAGKA-KUFR AT KASAMAAN”.

KAYA TINAWAG NG GANOON: SAPAGKA'T ANG NIFAQ AY ANG PAGPASOK SA ISLAM SA ISANG PINTO AT PAGLABAS DOON SA IBA NAMANG PINTO NITO. KAYA ANG ALLAH AY NAGBIGAY BABALA TUNGKOL DITO.

AYON SA KANYANG SINABI: {إِنَّ الْمُنَافِقِينَ هُمُ الْفَاسِقُونَ}

{KATOTOHANANG SILANG MGA MUNAFIQ (MAPAGKUNWARI) ANG TUNAY NA PALASUWAY (SA ALLAH)}. AT-TAWBAH (9): 67

BAGKUS, BUKOD PA DOON ITINURING NG ALLAH ANG MGA MUNAFIQ NA MAS MASAHOL PA SA MGA TUMATANGGING SUMAMPALATAYA.

SINABI NG ALLAH: {إِنَّ الْمُنَافِقِينَ فِي الدَّرَكِ الْأَسْفَلِ مِنَ النَّارِ}

{KATOTOHANANG MAPUPUNTA ANG MGA MUNAFIQ SA PINAKAMALALIM NA KAIBUTURAN NG APOY NG IMPIYERNO}. AN-NISA (4): 145

SINABI PA NIYA: {إِنَّ الْمُنَافِقِينَ يُخَادِعُونَ اللَّهَ وَهُوَ خَادِعُهُمْ}

{TUNAY NA ANG MGA MUNAFIQ AY NAGSISIKAP NA LINLANGIN ANG ALLAH, NGUNI'T SIYA ANG PINAKADAKILANG GUMAWA NG GANTING PANLILINLANG LABAN SA KANILA}. AN-NISA (4): 142

AT SINABI PA NIYA:

{يُخَادِعُونَ اللَّهَ وَالَّذِينَ آمَنُوا وَمَا يُخَادِعُونَ إِلَّا أَنْفُسَهُمْ وَمَا يَشْعُرُونَ، فِي قُلُوبِهِمْ مَرَضٌ فَزَادَهُمُ اللَّهُ مَرَضًا وَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ بِمَا كَانُوا يَكْذِبُونَ}

{PINAGTATANGKAAN NILANG LINLANGIN ANG ALLAH AT ANG MGA MANANAMPALATAYA, DATAPUWA'T WALA SILANG NALILINLANG KUNDI ANG KANILANG MGA SARILI, NGUNI'T HINDI NILA NARARAMDAMAN. ANG NASA MGA PUSO NILA AY KARAMDAMAN AT LALO PANG DINAGDAGAN NG ALLAH ANG KANILANG KARAMDAMAN. KAYA MAPAPASAKANILA ANG MASAKIT NA PARUSA DAHIL SA KANILANG LAGI NANG PAGSISINUNGALING}. AL-BAQARAH (2): 9-10

ANG MGA URI NG NIFAQ:

ANG NIFAQ AY MAY DALAWANG URI:

UNA: ANG NIFAQ NA KAUGNAY SA PANINIWALA: NA SIYA RIN ITONG MALAKING NIFAQ. NAGPAPAKITA ANG NAGPAPANGGAP NITO NG PAGKA-ISLAM AT INILILINGID ANG PAGKA-KUFR.

ANG GANITONG URI NG NIFAQ AY LUBUSANG NAGTITIWALAG SA ISLAM AT ANG TAONG SANGKOT DITO AY MAPUPUNTA SA PINAKAMALALIM NA KAIBUTURAN NG IMPIYERNO. AT SA KATUNAYAN ITO'Y INILARAWAN NG ALLAH NA ANG NAGTATAGLAY NITO AY NASA KANYA NA ANG LAHAT NG MGA KATANGIAN NG KASAMAAN.

TULAD HALIMBAWA NG: "PAGKA-KUFR, KAWALAN NG PANANAMPALATAYA, PANGHAHAMAK SA ISLAM AT MGA MUSLIM, PANLALAIT SA KANILA, AT LUBUSANG PAGKILING SA MGA KALABAN NG ISLAM UPANG MAKIPAGTULUNGAN SA MGA IYON SA PAGLABAN SA ISLAM".

ANG MGA TAONG ITO AY MATATAGPUAN SA LAHAT NG PANAHOON LALO NA KAPAG LUMITAW ANG LAKAS NG ISLAM AT HINDI NILA MAKAYANG KALABANIN ITO NANG HAYAGAN, KAYA NAGPAPANGGAP SILANG PUMAPASOK SA ISLAM UPANG NANG SA GAYON AY PALIHIM NA MAKAGAWA NG PAKANA LABAN SA ISLAM AT MGA MUSLIM UPANG MAMUHAY KASAMA NG MGA MUSLIM AT UPANG MALAYO SA PANGANIB ANG KANILANG MGA BUHAY AT KANILANG MGA ARI-ARIAN, KAYA ANG MUNAFIQ AY NAGPAPAKITA NG PANINIWALA SA ALLAH, SA KANYANG MGA ANGHEL, SA KANYANG MGA AKLAT, SA KANYANG MGA SUGO, AT SA HULING ARAW. SUBALIT SA KAIBUTURAN NG KANYANG PUSO AY MALAYO SIYA DOON AT NAGPAPASINUNGALING DOON. HINDI SIYA NANINIWALA SA ALLAH, NA ANG ALLAH AY NANGUSAP NG SALITANG IBINABA NIYA SA ISANG TAO NA GINAWA NIYANG SUGO PARA SA MGA TAO UPANG PATNUBAYAN ANG MGA IYON AYON SA KANYANG KAPAHINTULUTAN, BALAAAN ANG MGA IYON HINGGIL SA KANYANG KABAGSIKAN AT PANGAMBAHIN SILA SA KANYANG KAPARUSAHAN.

AT WINARAK NA NG ALLAH ANG MGA TABING NG MGA MUNAFIQ NA IYON NA BUMABALOT SA KANILANG PAGKATAO AT IBINUNYAG NA NIYA SA QURAN ANG KANILANG MGA LIHIM AT IBINUKO NA NIYA SA KANYANG MGA LINGKOD ANG MGA BAGAY NA MAY KAUGNAY SA KANILA UPANG SILA'Y MAKAPAG-INGAT LABAN SA MGA BAGAY NA ITO AT SA MGA TAONG SANGKOT DITO.

AT BINANGGIT NIYA ANG TATLONG PANGKAT NG TAO SA UNANG BAHAGI NG SURATUL BAQARAH; ANG MGA MANANAMPALATAYA AT ANG MGA DI-SUMASAMPALATAYA AT ANG MGA MUNAFIQ.

APAT NA TALATA ANG NABANGGIT NIYA TUNGKOL SA MGA MANANAMPALATAYA, DALAWANG TALATA NAMAN TUNGKOL SA MGA DI-SUMASAMPALATAYA, AT LABING-TATLONG TALATA NAMAN TUNGKOL SA MGA MUNAFIQ DAHIL SA DAMI NILA AT KALAGANAPAN NG KAPINSALAANG DULOT NILA AT KATINDIHAN NG GULONG DALA NILA SA ISLAM AT SA MGA MUSLIM.

AT ANG KAPINSALAANG DINADANAS NG ISLAM DAHIL SA KANILA AY LUBHANG MATINDI, SAPAGKAT MGA NATURINGAN SILANG MGA KANIB NITO, INAASA HANG TUTULONG DITO AT TATANGKILIK DITO.

SAMANTALANG SA KATOTOHANAN AY MGA KAAWAY SILA NITO.

INILALABAS NILA ANG POOT NILA SA ISLAM SA LAHAT NG ANYONG AAKALAIN NG ISANG MANGMANG NA IYON AY KARUNUNGAN AT PAGPAPABUTI, SAMANTALANG IYON NAMAN PALA AY LABIS NA KAMANG-MANGAN AT KATIWALIAN.

ANG NIFAQ NA IYON AY MAY ANIM NA URI:

- 1- ANG PAGPAPABULA SA SUGO (ﷺ).
- 2- ANG PAGPAPABULA SA ILAN SA INIHATID NG SUGO (ﷺ).
- 3- ANG PAGKAMUHI SA SUGO (ﷺ).
- 4- ANG PAGKAMUHI SA ILAN SA INIHATID NG SUGO (ﷺ).
- 5- ANG PAGKAGALAK SA PAGBABA NG KATAYUAN NG RELIHIYON NG SUGO (ﷺ).
- 6- ANG PAGKASUKLAM SA PAGTATAGUMPAY NG RELIHIYON NG SUGO (ﷺ).

PANGALAWA: ANG NIFAQ SA GAWA.

ITO AY ANG PAGGAWA NG ANUMAN SA MGA GAWAIN NG MGA MUNAFIQ, BAGAMAT NANATILI PA RIN ANG PANANAMPALATAYA SA PUSO. ITO'Y HINDI NAKAPAGTITIWALAG SA ISLAM, NGUNIT ITO AY NAGSISILBING DAAN PATUNGO ROON. ANG TAONG SANGKOT SA GANITONG URI NG NIFAQ AY NAGTATAGLAY NG PANANAMPALATAYA AT NIFAQ, SUBALIT KAPAG DUMAMI ANG NIFAQ SANHI NITO AY MAGIGING ISA SIYANG LUBOS NA MUNAFIQ.

AT ANG PATUNAY NITO:

قَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: ((أَرْبَعٌ مَنْ كُنَّ فِيهِ كَانَ مُنَافِقًا خَالِصًا، وَمَنْ كَانَتْ فِيهِ حَصَلَةٌ مِنْهُنَّ كَانَتْ فِيهِ حَصَلَةٌ مِنَ التَّقْوَى حَتَّى يَدْعَوْهَا: إِذَا أُوْمِنَ حَانَ، وَإِذَا حَدَّثَ كَذَبَ، وَإِذَا عَاهَدَ عَدَرَ، وَإِذَا خَاصَمَ فَجَرَ)). رواه البخاري ومسلم

SINABI NG PROPETA (ﷺ): [MAY APAT NA KATANGIAN NA KAPAG TINAGLAY NG ISANG TAO ITO, SIYA AY MAGIGING LUBOS NA MUNAFIQ. AT KUNG SINUMAN ANG NAGTATAGLAY NG ISA SA MGA ITO, SIYA AY NAGTATAGLAY NG ISANG KATANGIAN NG NIFAQ HANGGANG HINDI NIYA INIIWAN ITO; "KAPAG SIYA AY PINAGKAKATIWALAN, SIYA'Y TAKSIL, AT KAPAG SIYA'Y NAGSASALITA, SIYA AY NAGSISINUNGALING, AT KAPAG SIYA AY NANGANGAKO, HINDI SIYA TUMUTUPAD, AT KAPAG SIYA AY NAKIKIPAGTALO, NAGIGING MARAHAS SIYA SA PAGESASALITA". ISINALAYSAY NI AL-BUKHARI AT MUSLIM.

KAYA KUNG NATIPON SA SINUMAN ANG APAT NA KATANGIAN ITO, NATIPON NA SA KANYA ANG KASAMAAN AT NALUBOS NA SA KANYA ANG MGA KATANGIAN NG MGA MUNAFIQ. KUNG SINUMAN ANG MAGTAGLAY NG ISA SA MGA ITO AY MAGKAKARON SIYA NG ISANG KATANGIAN NG NIFAQ.

MAAARING MATIPON SA ISANG TAO ANG MGA KATANGIAN NG KABUTIHAN AT MGA KATANGIAN NG KASAMAAN, MGA KATANGIAN NG PANANAMPALATAYA AT MGA KATANGIAN NG KUFR AT NIFAQ.

MAGIGING KARAPAT-DAPAT SIYA SA GANTIMPALA AT KAPARUSAHAN NA ALINSUNOD SA GINAWA NIYANG MGA BAGAY NA MAGSISILBING DAHILAN SA PAGTAMO NIYON. KABILANG SA MGA IYON ANG PAGTATAMAD-TAMARAN SA PAGDALO SA SAMA-SAMANG PAGDARASAL SA MASJID, SAPAGKAT ITO AY ISA SA MGA KATANGIAN NG MGA MUNAFIQ. SAMAKATUWID, ANG NIFAQ AY LUBHANG MASAMA AT MAPANGANIB. ANG MGA SAHABAH NOON AY NAHIHINTAKUTAN NA MASADLAK SA NIFAQ.

SINABI NI IBNU ABI MALIKAH: MAY NAABUTAN AKONG TATLUMPO SA MGA SAHABAH NG SUGO NG ALLAH, LAHAT SILA'Y KINATATAKUTAN ANG NIFAQ PARA SA KANYANG SARILI.

MGA PAGKAKAIBA SA PAGITAN NG MALAKING NIFAQ AT MALIIT NA NIFAQ:

1. ANG MALAKING NIFAQ AY NAKAPAGPAPATIWALAG SA ISLAM, SAMANTALANG ANG MALIIT NA NIFAQ AY HINDI NAKAPAGPAPATIWALAG SA ISLAM.
2. ANG MALAKING NIFAQ AY ANG PAGKAKASALUNGATAN NG LIHIM NA PANINIWALA SA INILALANTAD NA PANINIWALA, SAMANTALANG ANG MALIIT NA NIFAQ AY ANG PAGKAKASALUNGATAN NG LIHIM AT MGA INILALANTAD NG MGA GAWA MALIBAN ANG PANINIWALA.
3. ANG MALAKING NIFAQ AY HINDI NAMUMUTAWI SA ISANG MANANAMPALATAYA, SAMANTALANG ANG MALIIT NA NIFAQ AY MAAARING MAMUTAWI SA ISANG MANANAMPALATAYA.
4. KADALASAN ANG NAKAGAGAWA NG MALAKING NIFAQ AY HINDI NAGSISISI AT KUNG SAKALI MANG MAGSISI, NAGKAKAIBA ANG OPINYON NG HUKOM HINGGIL SA PAGTANGGAP SA KANYANG PAGSISISI, TALIWAS NAMAN ITO SA MALIIT NA NIFAQ, SAPAGKAT ANG TAONG NAKAGAWA NITO AY MAAARING MAGBALIK-LOOB SA ALLAH AT TATANGGAPIN NAMAN NG ALLAH ANG KANYANG PAGSISISI.

AT TUNGKOL NAMAN SA MGA TAONG GUMAGAWA NG MALAKING NIFAQ AY GANITO ANG SINABI NG ALLAH PATUNGKOL SA KANILA: {صُمْ بِكُمْ عُمِّي فَهَمْ لَا يَرْجِعُونَ}

{(SILA AY) MGA BINGI, PIPI AT BULAG. KAYA'T HINDI NA SILA MAKAKABALIK (SA WASTONG LANDAS)}. AL-BAQARAH (2): 18

ANG IBIG SABIHIN: HINDI NA SILA MAGBABALIK SA ISLAM SA PANANAMPALATAYANG-PANLOOB.

AT NAGSABI PA ANG ALLAH PATUNGKOL SA KANILA:

{أَوْ لَا يَرَوْنَ أَنَّهُمْ يُفْتَنُونَ فِي كُلِّ عَامٍ مَرَّةً أَوْ مَرَّتَيْنِ ثُمَّ لَا يَتُوبُونَ وَلَا هُمْ يَذَكَّرُونَ}

{HINDI BAGA NILA NAKIKITANG SILA AY DINADAAN SA PAGSUBOK, MINSAN O MAKALAWA SA BAWAT TAON? AT PAGKATAPOS, SILA AY HINDI NAGBABALIK-LOOB (SA ALLAH) AT HINDI RIN SILA NATUTUTO NG ARAL (MULA RITO)}. AT-TAWBAH (9): 126

SINABI NI SHAIKHUL ISLAM IBNU TAIMEYAH: "NAGKAIBA ANG PAHAYAG NG MGA ESKOLAR HINGGIL SA PAGTANGGAP NG HAYAGANG PAGSISI NILA, SAPAGKAT HINDI MALALAMAN KUNG GAANO TALAGA KATOTOO ITO YAYAMANG PALAGI SILANG NAGPAPAHAYAG NA KAANIB NG ISLAM.

KABILANG SA MGA HAYAG NA SHIRK

SA DAIGDIG SA KASALUKUYANG PANAHON AY ANG PAGHAHANDOG NG MGA ALAY, MGA PANATA AT MGA REGALO SA MGA TEMPLO AT MGA LIBINGAN.

SA KATUNAYAN, HINADLANGAN NA NG PROPETA (ﷺ) ANG LAHAT NG MGA DAANG HUMAHANTONG SA SHIRK AT NAGBIGAY NA SIYA NG MAHIGPIT NA BABALA LABAN SA MGA ITO. KABILANG SA MGA IYON ANG USAPIN TUNGKOL SA MGA LIBINGAN, NAGTAKDA SIYA NG MGA PANUNTUNAN NA NAGSISILBING HADLANG LABAN SA PAGSAMBA SA MGA ITO AT LABIS-LABIS NA PAGPIPITAGAN SA MGA NAKALIBING DITO.

ANG MGA SUMUSUNOD AY KABILANG SA MGA IYON:

1. TUNAY NA NAGBABALA NA ANG PROPETA (ﷺ) LABAN SA LABIS-LABIS NA PAGPIPITAGAN SA MGA WALI (TAGAPAMAHALA) AT MGA SALIH (MABUBUTING TAO), SAPAGKA'T IYAN AY NAUUWI SA PAGSAMBA SA KANILA.

قَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: ((إِيَّاكُمْ وَالْعُلُوَّ، فَإِنَّمَا أَهْلَكَ مَنْ كَانَ قَبْلَكُمْ الْعُلُوَّ))

SINABI NG PROPETA (ﷺ): (MAG-INGAT KAYO SA LABIS-LABIS NA PAGPIPITAGAN, SAPAGKA'T TUNAY NA NAPAHAMAK ANG MGA NAUNA SA INYO DAHIL SA LABIS-LABIS NA PAGPIPITAGAN). ISINALAYSAY NI AHMAD, AT-TIRMIDHI AT IBNU MAJAH.

وَقَالَ أَيْضاً: ((لَا تُطْرُونِي كَمَا أَطْرَتِ النَّصَارَى ابْنَ مَرْيَمَ، إِنَّمَا أَنَا عَبْدٌ، فَمُؤَلُّوْا: عَبْدُ اللَّهِ وَرَسُولُهُ))

SINABI PA NIYA: (HUWAG NINYO AKONG PAPURIHAN NANG LABIS GAYA NG LABIS NA PAGPAPAPURI NG MGA KRISTIYANO SA ANAK NI MARIA. AKO AY ISANG LINGKOD LAMANG KAYA SABIHIN NINYO: LINGKOD NG ALLAH AT KANYANG SUGO]. ISINALAYSAY NI AL-BUKHARI

2. AT NAGBABALA ANG PROPETA (ﷺ) SA PAGPAPATAYO NG ESTRUKTURA SA IBABAW NG MGA PUNTOD.

عَنْ أَبِي أَيْبَةَ الْأَسَدِيِّ، قَالَ: قَالَ لِي عَلِيُّ بْنُ أَبِي طَالِبٍ: أَلَا أَبْعَثُكَ عَلَى مَا بَعَثَنِي عَلَيْهِ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ؛ أَنْ لَا تَدَعَ تَمْتَالاً إِلَّا طَمَسْتَهُ وَلَا قَبْرًا مُشْرِقًا إِلَّا سَوَّيْتَهُ))

SI ABUL HIYAJ AL-ASADI AY NAG-ULAT, SIYA AY NAGSABI: SINABI SA AKIN NI ALI IBN ABU THALIB: "ITATALAGA BA KITA NA GAWIN ANG ITINALAGA NG SUGO NG ALLAH NA GAWIN KO: HUWAG MAG-IIWAN NG KAHIT ISANG IMAHEN NANG HINDI ITO BINUBURA, NG KAHIT ISANG MATAAS NA PUNTOD NANG HINDI ITO IPINAPANTAY SA LUPA". ISINALAYSAY NI MUSLIM

AT KANYANG IPINAGBAWAL ANG PAGPAPALITADA RITO AT PAGPAPATAYO NG ESTRUKTURA SA IBABAW NITO.

عَنْ جَابِرِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ قَالَ: ((نَهَى رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ أَنْ يُجْصَّصَ الْقَبْرُ وَأَنْ يُفَعَّدَ عَلَيْهِ وَأَنْ يُبْنَى عَلَيْهِ)). رواه مسلم

SI JABIR (SUMAKANYA NAWA ANG KALUGURAN NG ALLAH) AY NAG-ULAT: KANYANG SINABI: (IPINAGBABAWAL NG SUGO NG ALLAH (ﷺ) ANG PAGPAPALITADA SA PUNTOD, ANG MAUPO SA IBABAW NITO AT MAGPATAYO SA IBABAW NITO NG ESTRUKTURA). ISINALAYSAY NI MUSLIM

3. AT IPINAGBABALA DIN NG PROPETA (ﷺ) ANG PAGSASAGAWA NG SALAH SA IBABAW NG MGA PUNTOD.

عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا، قَالَتْ: "لَمَّا نَزَلَ بِرَسُولِ اللَّهِ طَفِقَ يَطْرُحُ حَمِيصَةً لَهُ عَلَى وَجْهِهِ، فَإِذَا اغْتَمَّ بِهَا كَشَفَهَا عَنْ وَجْهِهِ، فَقَالَ: وَهُوَ كَذَلِكَ - ((لَعْنَةُ اللَّهِ عَلَى الْيَهُودِ وَالنَّصَارَى اتَّخَذُوا قُبُورَ أَنْبِيَائِهِمْ مَسَاجِدَ، يُحْدِرُ مَا صَنَعُوا، وَلَوْلَا ذَلِكَ لَأَبْرَزُوا قَبْرَهُ غَيْرَ أَبِي أَحْشَى أَنْ يَتَّخَذَ مَسْجِدًا)). صحیح البخاری

SI AISHAH (SUMAKANYA NAWA ANG KALUGURAN NG ALLAH) AY NAG-ULAT, KANYANG SINABI: (NANG ANG SUGO NG ALLAH AY NAGHINGALO, NAGSIMULA SIYANG MAGLALAGAY NG ISANG DAMIT SA KANYANG MUKHA. AT KAPAG NAKUKULOB NA SIYA NITO, KANYANG INAALIS ITO AT NAGSASABI SIYA SA GAYONG KALAGAYAN: ANG SUMPANG NG ALLAH AY MAPASA MGA HUDYO AT KRISTIYANO, GINAWA NILANG MGA MASJID ANG MGA PUNTOD NG KANILANG MGA PROPETA. IPINAGBABALA NITO ANG MGA GINAWA NILA, AT KUNG HINDI LAMANG IYON AY ITATANYAG SANA ANG KANYANG LIBINGAN GAYONG KAHIT KANYANG IKINATATAKOT NA GAWING MASJID (ANG KANYANG PUNTOD). SAHIH AL-BUKHARI

قَالَ النَّبِيُّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: ((أَلَا وَإِنَّ مَنْ كَانَ قَبْلَكُمْ كَانُوا يَتَّخِذُونَ قُبُورَ أَنْبِيَائِهِمْ وَصَالِحِيهِمْ مَسَاجِدَ، أَلَا فَلَا تَتَّخِذُوا الْقُبُورَ مَسَاجِدَ إِيَّيَّ أَنْهَأْكُمْ عَنْ ذَلِكَ)). صحیح مسلم

AT SINABI PA NIYA (ﷺ): [KAINGAT! AT SA KATUNAYAN ANG MGA NAUNA SA INYO AY GINAGAWA NILANG MGA MASJID ANG MGA PUNTOD NG PROPETA NILA. "KAINGAT! KAYA HUWAG NINYO GAWING MGA MASJID ANG MGA PUNTOD DAHIL TUNAY NA AKING IPINAGBABAWAL SA INYO IYON]. ISINALAYSAY NI MUSLIM SA KANYANG AKLAT. AT ANG PAGGAWA SA MGA ITO NA BILANG MGA MASJID, "ANG KAHULUGAN NITO AY ANG PAGSASAGAWA NG SALAH RITO KAHIT HINDI PA MAN PATATAYUAN NG MASJID ITO" KAYA ANG LAHAT NA LUGAR NA SADYANG ISINASAGAWA RITO ANG SALAH SA KATUNAYAN ITO'Y NAGING MASJID NA.

لِقَوْلِ النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: ((جُعِلَتْ لِي الْأَرْضُ مَسْجِدًا وَطَهُورًا)).

TULAD NG SINABI NG PROPETA (ﷺ): [ITINALAGA PARA SA AKIN ANG KALUPAAN BILANG MASJID AT PANLINIS]. ISINALAYSAY NI AL-BUKHARI.

KAYA KAPAG ITO'Y PINATAYUAN NG MASJID, HIGIT NA MAS MABIGAT ANG PAG-UUTOS.

AT SA KATUNAYAN NAPAKARAMING MGA TAO ANG SUMALUNGAT SA MGA IPINAGBABAWAL NA ITO AT SADYANG GINAWA NILA ANG MGA IPINAGBABALA NG PROPETA (ﷺ) KAYA NAPASADLAK SILA DAHIL DOON SA MALAKING SHIRK, NAGPATAYO SILA SA IBABAW NG MGA PUNTOD NG MGA MASJID, MAUSOLEO, ESTRUKTURA AT GINAWA NILA ITONG LUGAR NA SADYANG PINUPUNTAHAN UPANG PAGDARAOSAN DOON NG LAHAT NG KLASING MALAKING SHIRK TULAD NG PAGKATAY NG HAYOP PARA ROON AT MANALANGIN SA MGA NARORON NA MGA PATAY AT PAGHIHINGI NG SAKLOLO SA KANILA AT IBALING ANG MGA PANATA SA KANILA AT IBA PA DIYAN.

SINABI NI IBNUL-QAYYIM (KAAWAAN NAWA SIYA NG ALLAH): “ANG SINUMANG PAG-ISAHIN ANG PAGITAN NG SUNNAH NG SUGO NG ALLAH (ﷺ) SA MGA PUNTOD, ANG ANUMANG KANYANG IPINAG-UTOS HINGGIL DITO AT IPINAGBAWAL AT ANUMANG KINAGAWIAN NG KANYANG MGA SAHABAH, AT ANG PAGITAN NG MGA GINAGAWA NG KARAMIHAN SA MGA TAO SA NGAYON MAKIKITA NIYANG ITO’Y MAGKAKASALUNGAT SA ISA’T ISA AT HINDI MAGKAKA-ISA KAILAN MAN.

IPINAGBABAWAL NG SUGO NG ALLAH (ﷺ) ANG PAGSASAGAWA NG SALAH SA MGA PUNTOD, SAMANTALANG SILA NAMANG IYON AY NAGSASAGAWA NG SALAH DOON. AT IPINAGBABAWAL NITO NA GAWING MGA MASJID ANG MGA ITO, SAMANTALANG SILA NAMANG IYON AY NAGPAPATAYO NG MGA MASJID SA IBABAW NITO AT PINANGANGALANAN NILA NG “MASHA-HID” ITO’Y BILANG PAGHAHALINTULAD SA MGA BAHAY NG ALLAH (MASJID). AT KANYANG IPINAGBAWAL ANG PAGSISINDI NG MGA LAMPARA DOON AT SILA NAMAN AY NAGPAPATAYO NG MGA INSTITUSYONG NAGSISINDI NG MGA KANDILA ROON. AT KANYANG IPINAGBAWAL NA MAGDAOS NG PAGDIRIWANG DOON, SAMANTALANG SILA NAMAN ITO AY NAGDARAOS NG MGA PAGDIRIWANG AT MGA RITUWAL DOON, AT NAGTITIPON-TIPON SILA ROON TULAD NG PAGTITIPON-TIPON NILA SA EID O MAS HIGIT PA.

BAGKUS, KANYANG IPINAG-UUTOS NA PATAGIN ITO.

TULAD NG NAISALAYSAY NI MUSLIM SA KANYANG AKLAT: SI ABUL HIJAJ AL-ASADIY AY NAG-ULAT: SINABI SA AKIN NI ALI IBN ABI THALIB (SUMAKANYA NAWA ANG KALUGURAN NG ALLAH): (NAIS MO BANG ITALAGA KITA NG TULAD NG PAGKATALAGA SA AKIN NG SUGO NG ALLAH (ﷺ) NA HUWAG MONG IWAN ANG ISANG LITRATO MALIBAN KUNG ITO’Y NABURA MO AT ANG ISANG MAHARLIKANG PUNTOD MALIBAN KUNG ITO’Y NAPATAG MO).

(MINSAN AY KASAMA NAMIN SI FUDHALAH IBN UBAID SA BYZANTIUM SA RHODES, NANG YUMAO ANG ISA NAMING KASAMAHAN AT IPINAG-UTOS NI FUDHALAH NA (PATAGIN ANG PUNTOD NITO) KAYA PINATAG ITO. AT PAGKATAPOS AY KANYANG SINABI: NARINIG KO SA SUGO NG ALLAH (ﷺ) NANG KANYANG IPAG-UTOS ANG PAGPATAG DITO).

SAMANTALANG SILA NAMANG IYON AY MASYADONG SUMUSUBRA SA PAGSALUNGAT SA DALAWANG HADITH NA ITO AT ITINATAAS NILA ITO (PUNTOD) SA LUPA NA TULAD NG BAHAY AT PINAPATUNGAN NILA ITO NG KUPOLA, HANGGANG SA KANYANG SINABI: TINGNAN ANG NAPAKADAKILANG PAGKA-IBA NA ITO SA PAGITAN NG MGA NAI-ATAS

NA ITO NG SUGO NG ALLAH (ﷻ) AT SA MGA TINUTUKOY NITONG IPINAGBABAWAL, TULAD NG MGA NAUNANG NABANGGIT HINGGIL SA MGA PUNTOD.

AT SA PAGITAN NG MGA NAI-ATAS NA ITO NG MGA TAONG IYON AT KANILANG TINUTUKOY ITO. AT WALANG PAG-AALINLANGAN NA ANG MGA IYON AY KABILANG SA MGA KATIWALIAN NA HINDI KAYANG BILANGIN ITO NG TAO AT PAGKATAPOS AY NAGSIMULANG IPAALAALA ANG MGA NATURANG KATIWALIAN HANGGANG SA SINABI NIYA: ---ISA ITO SA MGA SINABI NIYA---TANGING ANG DAHILAN NG PAG-ATAS NG PROPETA (ﷺ) SA PAGPUPUNTA SA MGA PUNTOD AY PARA MAALAALA ANG KABILANG BUHAY AT BILANG PAGMAMAGANDANG LOOB SA PATAY NA NAKABAON DOON SA PAMAMAGITAN NG PANGHILING (SA ALLAH) NG KABUTIHAN PARA SA KANYA, PAGKAHABAG SA KANYA, PAGHILING NG KAPATAWARAN (SA ALLAH) PARA SA KANYA AT PAGPANALANGIN NG KALUSUGAN PARA SA KANYA, KAYA LUMALABAS NA NAGMAMAGANDANG LOOB ANG TAONG — PUMUPUNTA SA MGA PUNTOD — SA KANYANG SARILI AT SA TAONG NAMATAY.

SAMANTALANG BINALIKTAD NAMAN NG MGA MUSHRIK ANG BAGAY NA ITO AT SINALUNGAT NILA ANG RELIHIYON AT GINAWA NILANG SHIRK ANG LAYUNIN SA PAGPUPUNTA SA MGA PUNTOD SA PAMAMAGITAN NG TAONG PATAY--- ANG PAGHILING MISMO SA KANYA (BUKOD SA ALLAH), ANG PAGHILING NA MAGING SIYA (PATAY) ANG TAGAPAMAGITAN, PAGHILING SA PAGPUNO NG KANILANG MGA PANGANGAILANGAN, PAGKAKARON NG MGA MILAGRONG BIYAYA MULA SA KANYA (PATAY) AT ANG PAGTULONG NITO SA KANILA LABAN SA MGA KAAWAY AT ANG IBA PANG KATULAD NITO. KAYA NAGING MASAMA SILA SA SARILI NILA AT SA PATAY.

AT KUNG WALA LAMANG BIYAYANG KABUTIHAN ANG NAIDUDULOT NG PAGPANALANGIN PARA SA KANYA (PATAY) HINDI SANA ISINABATAS NG ALLAH ANG PAGPANALANGIN PARA SA KANYA (PATAY), PAGKAHABAG SA KANYA AT PAGHINGI NG KAPATAWARAN (SA ALLAH) PARA SA KANYA.

AT DAHIL DITO NAGING MALINAW, NA ANG PAGHAHANDOG NG MGA PANATA AT MGA ALAY SA MGA TAONG NAKALIBING AY MALAKING SHIRK. SA DAHILANG ITO'Y SUMASALUNGAT SA PATNUBAY NG PROPETA (ﷺ) SA MGA GAWAIN NA DAPAT IUKOL SA MGA PUNTOD, NA HUWAG MAGPAPATAYO NG ESTRUKTURA SA IBABAW NITO AT HUWAG MAGPAPATAYO NG MGA MASJID RITO, DAHIL KAPAG PINATAYUAN ITO NG KUPOLA SA ITAAS NITO AT PATATAYUAN NG MGA MASJID SA PALIGID NITO AT MGA DAMBANA. IISIPIN NG MGA MANGMANG NA ANG MGA NAKALIBING DOON AY MAKAPAGDUDULOT NG PAKINABANG O MAKAPIPINSALA. AT SILANG IYON (MGA PATAY) AY MAKAKATULONG SA SINUMANG GUSTONG HUMINGI NG SAKLOLO SA KANILA AT MAKAPUPUNO SA MGA PANGANGAILANGAN NG SINUMANG DUMUDULOG SA KANILA, KAYA PAGHAHANDUGAN SILA NG MGA ITO NG MGA PANATA AT ALAY HANGGANG SA MAGING MGA REBULTO NA SASAMBAHIN BUKOD PA SA ALLAH.

SA KATUNAYAN, SINABI NG SUGO NG ALLAH (ﷻ): ((اللَّهُمَّ لَا تَجْعَلْ قَبْرِي وَثَنًا يُعْبَدُ))

[O ALLAH! HUWAG MO PONG GAWIN ANG AKING PUNTOD NA MAGING ISANG REBULTONG SINASAMBA]. ISINALAYSAY NI MALIK AT AHMAD.

HINDI NIYA IDADALANGIN ANG PANALANGIN NA ITO MALIBAN SA DAHILANG MAARING MANGYAYARI ANG ISANG BAGAY DOON BUKOD SA KANYANG PUNTOD (ﷻ). AT ITO'Y NANGYARI NGA SA KARAMIHAN NG MGA BANSANG ISLAM.

TUNGKOL NAMAN SA KANYANG PUNTOD. SA KATUNAYAN, ITO'Y PINANGANGALAGAAN NG ALLAH DAHIL SA HIMALA NG KANYANG DALANGIN.

AT KAHIT PA MAN MAY NANGYAYARI MINSAN SA KANYANG MASJID NA MGA PAGSALUNGAT MULA SA MGA TAONG MANGMANG O MAPAMAHIIN, SUBALIT SILANG IYON AY HINDI NAKAKAABOT SA KANYANG PUNTOD (ﷻ) DAHIL ANG KANYANG PUNTOD AY NASA BAHAY NIYA AT HINDI NASA MASJID, AT ITO'Y NAPALIGIRAN NG MGA PADER.

TULAD NG SINABI NI IBN AL-QAYYIM (KAAWAAN NAWA SIYA NG ALLAH) SA KANYANG TULA: "AT PINAKINGGAN NG PANGINOON NG MGA NILALANG ANG KANYANG PANALANGIN. KAYA NAPALIBUTAN ITO NG TATLONG PADER."

BID`AH **(Tiwaling Katuruan)**

ANG PINAPAPAKAHULUGAN RITO.

ANG BID-AH SA LITERAL NA KAHULUGAN: AY HANGO SA KATAGANG – BAD` – NA NANGANGAHULUGANG PAGPAPASIMULA NG WALANG NAUNANG PAGTUTULAD.

BATAY SA SINABI NG ALLAH: {بَدِيعَ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ}

{{(SIYA) ANG NAGPASIMULA SA MGA KALANGITAN AT KALUPAAN (NANG WALANG PINAGBASIHAN AT PINAGKUHANAN)}. AL-BAQARAH (2): 117

IBIG SABIHIN: ANG NAGPASIMULA NG MGA ITO NG WALANG NAUNANG PAGTUTULAD.

AT SINABI PA NIYA: {قُلْ مَا كُنْتُ بِدَعَا مِنَ الرَّسُولِ}

{SABIHIN MO (O MUHAMMAD): HINDI AKO ANG UNA SA MGA SUGO}. AL-AHQAF (46): 9
IBIG SABIHIN: HINDI AKO ANG KAUNA-UNAHANG NAGHATID NG MENSAHE BUHAT SA ALLAH PARA SA MGA TAO, BAGKUS AY MAY NAUNA NA SA AKIN NA MARAMING SUGO. BAGKUS SINASABI RIN: "IBTADA`A FULANO BID`ATAN".

IBIG SABIHIN: NAGPASIMULA SI GINOO NG ISANG PAMAMARAAN NA WALA PANG NAKAUNA ROON.

ANG PAGGAWA NG BID-AH AY MAY DALAWANG BAHAGI:

1. ANG PAGGAWA NG BID-AH NA NAUUKOL SA MGA KINAGAWIAN (NG MGA TAO) TULAD NG PAGGAWA NG MGA MAKABAGONG IMBENSIYON: AT IYAN AY IPINAHIHINTULOT, SAPAGKA'T ANG DATING BASIHAN NG HATOL SA MGA KINAGAWIAN AY ANG KAPAHINTULUTAN.

2. ANG PAGGAWA NG BID-AH SA RELIHIYON: AT ITO'Y IPINAGBABAWAL, SAPAGKA'T ANG DATING BASIHAN NG HATOL RITO AY ANG "TAW-QEEFI" BUHAT SA QURAN AT SA TAMANG SUNNAH LAMANG.

SINABI NG PROPETA (ﷺ): ((مَنْ أَحَدَثَ فِي أَمْرِنَا هَذَا مَا لَيْسَ مِنْهُ فَهُوَ رَدٌّ))

[ANG SINUMANG MAGPAPAPASOK NG ISANG MAKABAGONG BAGAY SA KAUTUSAN NAMING ITO NA HINDI NAMAN BAHAGI NITO, ITO AY TATANGGIHAN]. ISINALAYSAY NI AL-BUKHARI AT MUSLIM

SA ISANG SANAYSAY NAMAN AY GANITO: ((مَنْ عَمِلَ عَمَلًا لَيْسَ عَلَيْهِ أَمْرُنَا هَذَا فَهُوَ رَدٌّ))

[ANG SINUMANG GUMAWA NG ISANG GAWAIN NA HINDI NAKABATAY SA KAUTUSAN NAMING ITO, ITO AY TATANGGIHAN]. ISINALAYSAY NI MUSLIM

ANG MGA URI NG BID-AH

ANG BID-AH SA RELIHIYON AY DALAWANG URI:

UNA: BID-AH SA PANANALITA AT PANINIWALA, TULAD NG MGA PANANALITA NG MGA GRUPONG “AL-JAHAMIYYAH, AL-MU’TAZILAH, AL-RAFIDHAH” AT LAHAT NG MGA PANGKAT NA NANGALIGAW SAMPU NG KANILANG MGA PINANINIWALAAN.

TULAD HALIMBAWA NG BID-AH SA PAGSASABING ANG QURAN AY NILIKHA.

PANGALAWA: BID-AH SA PAGSAMBA, TULAD NG PAG-UUKOL SA ALLAH NG PAGSAMBANG HINDI NIYA INIATAS. AT ITO’Y BINUBUO NG APAT NA BAHAGI:

A. ANG ANUMANG MAITUTURING SA PAGKALEHITIMO NG PAGSAMBA, TULAD NG PAGSAMBA NA WALANG LEHITIMONG BATAYAN SA BATAS, KATULAD NG PAGSASAGAWA NG ISANG SALAH NA HINDI NAMAN NAIATAS ANG PAGKALEHITIMO NITO O KAYA TULAD NG MGA PANRELIHIYONG PAGDIRIWANG NA HINDI INIATAS, GAYA NG PAGDIRIWANG SA KAARAWAN NG KAPANGANAKAN ATBP.

B. ANG PAGDADAGDAG NG ANUMAN SA ISANG PAGSAMBANG INIATAS, TULAD HALIMBAWA NG PAGDARAGDAG NG IKALIMANG RAK-AH SA SALAH SA DHUHR O ASAR.

C. ANG PAGKAKARON NG BID-AH SA PAMAMARAAN NG PAGSASAGAWA SA PAGSAMBANG INIATAS TULAD NG PAGSASAGAWA NITO SA PAMAMARAANG HINDI INIATAS, TULAD HALIMBAWA NG MGA LEHITIMONG MGA DHIKR NA ISINASAGAWA SA PARAANG SABAY-SABAY AT PAAWIT. AT TULAD NG PAGPAPAHIRAP SA SARILI SA PAGSASAGAWA NG MGA PAGSAMBA HANGGANG SA PUNTONG LUMALABAS NA SA SUNNAH NG SUGO (ﷺ).

D. ANG ANUMANG PAGTATAKDA SA ORAS NG PAGSAMBANG INIATAS NA HINDI NAMAN TINAKDAAN NG BATAS, TULAD NG PAGTATAKDA SA ARAW AT GABI NG KALAGITNAAN NG BUWAN NG SHA’BAN PARA SA ISANG PAG-AAYUNO AT TAHAJJUD. SA KATUNAYAN ANG BATAYAN NG PAG-AAYUNO AT TAHAJJUD AY LEHITIMONG GAWAIN. SUBALI’T ANG PAGTATAKDA SA MGA ORAS NITO AY NANGANGAILANGAN NA ISANG PATUNAY.

ANG ALITUNTUNIN NG BID-AH SA RELIHIYON SA LAHAT NG URI NITO:

ANG BAWAT BID-AH SA RELIHIYON AY IPINAGBABAWAL AT ISANG PAGKALIGAW.

BATAY SA SINABI NG SUGO (ﷺ): ((وَأَيُّكُمْ وَمُحَدَّثَاتِ الْأُمُورِ؛ فَإِنَّ مُحَدَّثَةَ بَدْعَةٍ وَكُلُّ بَدْعَةٍ ضَلَالَةٌ))

[AT MAG-INGAT KAYO SA MGA BAGAY NA MAKABAGO (SA RELIHIYON), SAPAGKA’T ANG BAWA’T MAKABAGONG BAGAY (SA RELIHIYON) AY BID’AH AT ANG LAHAT NG BID’AH AY PAGKALIGAW]. ISINALAYSAY NI MUSLIM

AT SA ISANG SANAYSAY NAMAN AY GANITO: [ANG SINUMANG GUMAWA NG ISANG GAWAIN NA HINDI ITO NAKABATAY SA AMING KAUTUSAN, IYON AY TATANGGIHAN].

ANG DALAWANG HADITH AY NAGPAPAHIWATIG NA ANG BAWAT BAGONG BAGAY SA RELIHIYON AY BID-AH AT ANG LAHAT NG BID-AH AY PAGKALIGAW NA TINATANGGIHAN.

ANG IBIG SABIHIN NIYON AY ANG MGA BID-AH SA PAGSAMBA AT PANINIWALA AY IPINAGBABAWAL, SUBALIT ANG PAGBABAWAL AY NAGKAKAIBA SA ANTAS AYON SA URI NG BID-AH.

MAY BID-AH NA TUWIRANG NAGPAPATIWALAG SA PANANAMPALATAYA: TULAD NG PAG-IKOT SA PALIBOT NG MGA LIBINGAN UPANG MAPALAPIT SA MGA NAKALIBING DOON, AT PAGHAHANDOG NG MGA ALAY AT MGA PANATA SA MGA ITO, AT PANANALANGIN SA MGA NAKALIBING DOON AT PAGHINGI NG SAKLOLO SA KANILA, AT ANG MGA SALAWIKAIN NG MGA PANATIKONG JAHAMIYYAH AT MU'TAZILAH.

AT MAY MGA BID-AH DIN NA NAGSISILBING MGA DAAN SA TUNGO SA SHIRK: TULAD NG PAGPAPATAYO NG ESTRAKTURA SA MGA LIBINGAN, AT ANG PAGSASAGAWA NG SALAH AT PANALANGIN DOON.

AT MAY MGA BID-AH PA NA KASUWAILAN SA PANINIWALA: TULAD NG BID-AH NG MGA GRUPONG KHAWARIJ AT QADARIYYAH AT MGA MURJIAH SA KANILANG MGA SALAWIKAIN AT PINANINIWALAAN NA SALUNGAT SA MGA ISLAMIKONG PATUNAY (SA ISLAM).

AT MAY BID-AH PA NA PAGSUWAY: TULAD NG PAGSAMBA NG WALANG KUPAS AT PAG-AAYUNO HABANG NAKATAYO SA INIT NG ARAW AT PAGPAPAKAPON NANG MAY LAYUNING PUTULIN ANG PAGNANASA SA PAKIKIPAGTALIK.

PAALAALA:

ANG SINUMANG NAGHAHATI SA BID-AH SA MABUTING BID-AH AT MASAMANG BID-AH AY NAGKAKAMALI AT SUMASALUNGAT SA SINABI NG SUGO (SAW): ((وَكُلُّ بِدْعَةٍ ضَلَالَةٌ وَكُلُّ))

((ضَلَالَةٌ فِي النَّارِ))

[BAGKUS, ANG LAHAT NG BID`AH AY PAGKALIGAW, AT ANG LAHAT NG PAGKALIGAW AY NASA APOY]. ISANG MAPAPANALIGANG HADITH SAPAGKAT ANG SUGO (ﷺ) AY NAGHATOL NA ANG LAHAT NG MGA BID-AH AY PAGKALIGAW. AT IYAN NAMAN AY SINASABING: HINDI LAHAT NG BID-AH AY PAGKALIGAW, BAGKUS MAYROONG MABUTING BID-AH.

SINABI NI AL-HAFIDH IBNU RAJAB SA AKLAT NA "SHARH AL ARBA'IEN": ANG KASABIHAN NG SUGO: [ANG LAHAT NG BID-AH AY PAGKALIGAW] AY KABILANG SA PANGKALAHATANG PANGUNGUSAP NA WALANG ANUMANG HINDI NASASAKLAWAN, ITO AY ISANG DAKILANG SALIGAN SA MGA SALIGAN NG RELIHIYON. ITO AY TULAD NG KANYANG SINABI: ((مَنْ أَحَدَثَ فِي أَمْرِنَا هَذَا مَا لَيْسَ مِنْهُ فَهُوَ رَدٌّ))

[ANG SINUMANG MAGPAPAPASOK NG ISANG MAKABAGONG BAGAY SA KAUTUSAN NAMING ITO NA HINDI NAMAN BAHAGI NITO, ITO AY TATANGGIHAN]. ISINALAYSAY NI MUSLIM

KAYA ANG BAWAT TAONG GUMAWA-GAWA NG ISANG BAGAY AT INIAANIB ITO SA RELIHIYON, GAYONG WALA NAMAN ITONG SALIGAN SA RELIHIYON NA MAPAGBABATAYAN NIYON, IYON AY ISANG PAGKALIGAW AT ANG RELIHIYONG ISLAM AY WALANG KINALAMAN DOON, MAGING ANG MGA IYON AY MGA USAPING NAUUKOL SA PANINIWALA O MGA GAWAIN O MGA SALITANG INIHAHAYAG AT INILILIHIM.

ANG MGA TAONG ITO AY WALANG SAPAT NA PATUNAY NA MAYROONG MABUTING BID-AH MALIBAN SA SINABI NI UMAR (SUMAKANYA NAWA ANG KALUGURAN NG ALLAH) HINGGIL SA SALATUL TARAWIH: "KAY INAM NA BID-AH ITO".

SINABI PA NILA: MAY MGA BAGAY NA GINAWA SA UNANG PAGKAKATAON NA HINDI MINASAMA NG MGA SALAF, TULAD NG PAGTIPON SA (MGA TALATA NG) QURAN SA IISANG AKLAT, PAGSULAT AT PAGSASA-AKLAT SA MGA HADITH.

ANG SAGOT DOON AY GANITO: ANG MGA BAGAY NA ITO AY MAY BATAYAN SA ISLAM, KAYA ITO'Y HINDI BID-AH.

AT TUNGKOL NAMAN SA SINABI NI UMAR NA: "KAY INAM NA BID-AH ITO" AY TUMUTUKOY SA LITERAL NA KAHULUGAN NG BID-AH, HINDI SA TEKNIKAL NA KAHULUGAN NITO. KAYA ANG ANUMANG BAGAY NA MAY BATAYAN SA ISLAM ITO'Y MAISASALIG DITO.

KAPAG SINABING BID-AH ITO'Y BID-AH SA LETIRAL NA KAHULUGAN HINDI SA TEKNIKAL NA KAHULUGAN, SAPAGKAT ANG BID-AH AYON SA PAGPAPAKAHULUGAN NG SHARI'AH AY: ANG ANUMANG WALANG BATAYAN SA BATAS NG ISLAM NA MAISASALIG DITO.

ANG PAGTIPON SA QURAN SA ISANG AKLAT AY MAY BATAYAN SA ISLAM, SAPAGKA'T ANG PROPETA (ﷺ) AY NAG-UUTOS NOON NA ISULAT ANG QURAN, KAYA NGA LAMANG IYON AY NAKASULAT NA MAGKAKAHIWALAY, KAYA TINIPON IYON NG MGA SAHABAH (SUMAKANILA NAWA ANG KALUGURAN NG ALLAH) SA ISANG AKLAT UPANG MAPANGALAGAAN IYON.

AT ANG SALATUL TARAWIH NAMAN: SA KATUNAYAN AY ISINAGAWA ITO NG PROPETA (ﷺ) KASAMA NG KANYANG MGA SAHABAH (SUMAKANILA NAWA ANG KALUGURAN NG ALLAH) NANG ILANG GABI, NGUNIT SA MGA HULING GABI AY HINDI SIYA DUMATING SA KANILA SA PANGAMBANG IYON AY MAGING UBLIGADO SA KANILA, AT NAGPATULOY ANG MGA SAHABAH SA PAGSASAGAWA SA SALAH NA IYON NA MAGKAKAHIWALAY NA PULUTONG NOONG NABUBUHAY PA ANG PROPETA (ﷺ) AT KAHIT PA NOON WALA NA SIYA. HANGGANG SA TINIPON SILA NI UMAR (SUMAKANYA NAWA ANG KALUGURAN NG ALLAH) SA ISANG IMAM, GAYA NOONG SILA AY NASA BANDANG LIKURAN NG PROPETA (ﷺ), KAYA HINDI ITO BID-AH SA RELIHIYON.

AT ANG PAGSULAT SA HADITH AY MAY BATAYAN DIN ITO SA BATAS NG ISLAM. SA KATUNAYAN, IPINAG-UTOS NG PROPETA (ﷺ) NA ISULAT ANG ILANG MGA HADITH SA IBANG SAHABAH NANG ITO'Y HILINGIN SA KANYA.

ANG PANGINGILAG NOON SA PAGSULAT NG HADITH SA PANGKALAHATANG PANANAW NOONG PANAHOON NIYA (ﷺ) AY BUNGA NG PANGAMBANG BAKA MAKAHALO SA QURAN ANG HINDI BAHAGI NITO, KAYA NGA NAMAN NANG YUMAO NA ANG PROPETA (ﷺ) AY NAWALA NA ANG PANGINGILAG NA ITO, SAPAGKAT NABUO NA ANG QURAN AT NAISAAYOS NA ANG PAGKAKASUNOD-SUNOD NITO BAGO PA MAN SIYA (ﷺ) YUMAO. KAYA TINIPON NAMAN NG MGA MUSLIM ANG HADITH PAGKATAPOS NIYON UPANG MAPANGALAGAAN ITO SA PAGKAWALA.

KAYA SANA'Y GANTIMPALAAN SILA NG ALLAH NG MABUTI DAHIL SA NAGAWA NILA SA ISLAM AT SA MGA MUSLIM YAYAMANG PINANGALAGAAN NILA ANG AKLAT NG KANILANG PANGINOON AT ANG SUNNAH NG KANILANG PROPETA (ﷺ) SA PAGKAWALA AT SA PAGLALARO NG MGA TAONG PINAGLALARUAN ANG RELIHIYON.

ANG MGA HALIMBAWA NG MAKABAGONG BID-AH

ITO AY ANG MGA SUMUSUNOD:

1. PAGDIRIWANG SA KAARAWAN NG PROPETA (ﷺ).
2. MGA BID-AH SA LARANGAN NG MGA PAGSAMBA AT PAGPAPALAPIT SA ALLAH.

ANG MGA MAKABAGONG BID-AH AY MARAMI DAHIL SA PAGLALAON NG PANAHOON AT KAKAUNTIAN NG KAALAMAN AT SA DAMI NG MGA TAGAPAGPALAGANAP NG MGA BID-AH, MGA PAGSALUNGAT, AT PAGLAGANAP NG PAGTULAD SA MGA HINDI MUSLIM SA MGA GAWI NILA AT MGA SEREMONYA.

PATOTOO SA SINABI NG PROPETA (ﷺ): ((لَتَتَّبِعَنَّ سُنَنَ مَنْ كَانَ قَبْلَكُمْ))

[TIYAK NA SUSUNDIN NINYO ANG MGA GAWI NG MGA NAUNA SA INYO]. ISINALAYSAY NI AT-TIRMIDHI

1. ANG PAGDIRIWANG SA KAARAWAN NG PROPETA (ﷺ) SA BUWAN NG RABI' AL-AWWAL:

ITO AY PAGTUTULAD SA MGA KRISTIYANO SA GAWAING TINATAWAG NA PAGDIRIWANG NG KAARAWAN NI KRISTO (PASKO). NAGDIRIWANG ANG MGA MANGMANG SA MGA MUSLIM O MGA ESKOLAR NA MAPANLIGAW SA BUWAN NG RABI' AL-AWWAL TAON-TAON, DAHIL SA KAARAWAN NG SUGO (MUHAMMAD ﷺ.) KAYA MAYROON SA KANILA NA NAGDARAOS NG PAGDIRIWANG NA ITO SA MGA MASJID AT MAYROON DIN SA KANILA NA NAGDIRIWANG NITO SA MGA BAHAY-BAHAY O MGA LUGAR NA INIHANDA PARA ROON. DINADALUHAN IYON NG MARAMING MGA TAO, NG MGA MADLA, GINAGAWA NILA IYON BILANG PAGTULAD SA MGA KRISTIYANO SA PAG-IMBENTO NILA NG PAGDIRIWANG NG KAARAWAN NI KRISTO (AS). KADALASAN, ANG PAGDIRIWANG NA ITO BUKOD PA SA PAGIGING ISANG BID-AH AT PAGTULAD SA MGA KRISTIYANO, HINDI RIN ITO NAWAWALAN NG MGA GAWAING MAKA-SHIRK AT MASAMA,

TULAD NG PAG-UUSAL NG MGA TULANG NAGLALAMAN NG PAGMAMALABIS SA KUNG ANO LAMANG ANG SADYANG NAUUKOL SA SUGO (ﷺ), ANUPA'T UMABOT PA SA PUNTO NA DINADALANGINAN NA SIYA BUKOD PA SA ALLAH AT HINIHINGAN NG SAKLOLO GAYONG IPINAGBAWAL NG PROPETA (ﷺ) ANG PAGPAPALABIS SA PAGPUPURI SA KANYA.

KAYA SINABI NIYA (ﷺ): ((لَا تُظْرُونِي كَمَا أَطْرَتِ النَّصَارَى ابْنَ مَرْيَمَ، إِنَّمَا أَنَا عَبْدٌ، فَمَقُولُوا: عَبْدُ اللَّهِ وَرَسُولُهُ))

[HUWAG NINYO AKONG PAPURIHAN NANG NAG-UUMAPAW TULAD NG GINAWANG NAG-UUMAPAW NA PAGPUPURI NG MGA KRISTİYANO SA ANAK NI MARIA, AKO AY ISANG LINGKOD LAMANG, KAYA SABIHIN NINYO: LINGKOD NG ALLAH AT KANYANG SUGO]. ISINALAYSAY NI AL-BUKHARI AT MUSLIM

AL-ITHRA':

ANG KAHULUGAN NITO AY ANG NAG-UUMAPAW NA PAGPAPAPURI.

MAAARING PINANINIWALAAN PA NILA NA ANG SUGO (ﷺ) AY DUMADALO SA KANILANG MGA PAGDIRIWANG.

ANG ILAN SA MGA KASUKLAM-SUKLAM NA GAWAIN NA UMALINSABAY SA MGA PAGDIRIWANG NA ITO AY ANG MGA TULANG PINAPAGANDA ANG TUNOG NA SABAY-SABAY BINIBIGKAS AT PAGTUGTUG NG MGA TAMBOL AT IBA PANG MGA DHIKR NA GAWA-GAWA NG MGA SUFE, AT PUWEDENG MAGKAROON NG HALUBILO SA PAGITAN NG MGA LALAKI AT MGA BABAE NA SIYANG NAGSISILBING DAHILAN NG PAGKAKAROON NG TUKSO AT SIYANG HUMIHILA SA PAGKAKASADLAK SA MGA KAHALAYAN.

AT KAHIT PA MAN HINDI MAGLAMAN ANG MGA PAGDIRIWANG NA ITO NG MGA IPINAGBABAWAL AT MALIMITAN LAMANG SA PAGTITIPON, PAGKAIN AT PAGPAPAMALAS NG KASAYAHAN - GAYA NG SINASABI NILA - IYON AY BID-AH PA RIN NA MAKABAGONG GAWA-GAWA, SAPAGKAT ANG BAWAT MAKABAGONG GAWA-GAWA AY BID-AH AT ANG LAHAT NG BID-AH AY PAGKALIGAW.

ISA PA, ITO AY DAAN NA NAUUWI SA PAGLAGO AT PAG-IRAL NG MGA KASUKLAM-SUKLAM NA BAGAY NA UMIIRAL NA SA IBA PANG MGA PAGDIRIWANG.

AT ANG MASASABI NATIN AY GANITO: ITO AY BID-AH, SAPAGKAT WALA ITONG BATAYAN SA QURAN, SA SUNNAH AT SA GAWAIN NG MGA MABUBUTING SALAF (SINAUNANG NINUNO) AT NG MGA ITINANGING SIGLO.

LUMITAW LAMANG ITO BANDANG HULI PAGKATAPOS NG IKA-APAT NA SIGLO NG HIJRAH, GINAWA-GAWA ITO NG MGA FATIMI NA MGA SHE'IE.

SINABI NI IMAM ABU HAFS TAJUDDEEN AL-FAKIHANI (KAAWAAN NAWA SIYA NG ALLAH): "PAULIT-ULIT NA, ANG TANONG NG PANGKAT NG MGA SUMASANG-AYON SA PAGTITIPONG GINAGAWA NG ILAN SA MGA TAO SA BUWAN NG RABI' AL-AWWAL NA TINATAWAG NILANG MAWLID; KUNG IYON BA AY MAY BATAYAN SA RELIHIYONG ISLAM. YAMANG NAGSADYA SILA PARA SA SAGOT NA MAGLILINAW HINGGIL DOON AT PALIWANAG NA MAGBIBIGAY DETALYE DOON.

KAYA ANG MASASABI KO: NAWA'Y PATNUBAYAN AKO NG ALLAH AY GANITO: WALA AKONG NALALAMAN NA ANG MAWLID NA ITO AY MAY BATAYAN SA QURAN, NI SA SUNNAH. AT ANG PAGESASAGAWA NITO AY HINDI NATUKOY NG ISA MAN SA MGA

ESKOLAR NG SAMBAYANANG ISLAM, NA SIYANG MGA HUWARAN NATIN SA RELIHIYONG ISLAM, NA SIYANG MGA SUMUSUNOD SA MGA BAKAS NG MGA NAUNANG (SALAF). DATAPUWAT IYON AY ISANG BID-AH NA GINAWA-GAWA NG MGA BULAAN AT ISANG KASUWAPANGAN NG TAO NA IKINAYAMAN NG MGA MASISIBA.

SINABI NAMAN NI IBNU TAIMIYAH (KAAWAAN NAWA SIYA NG ALLAH): GANYAN NGA ANG GINAWA-GAWA NG ILANG MGA TAO, MAAARING DAHIL SA PAGGAYA SA MGA KRISTIYANO SA (PAGDIRIWANG NILA) NG KAARAWAN NI ISA (SUMAKANYA NAWA ANG KAPAYAPAAN). O MAAARI DIN DAHIL SA PAGMAMAHAL AT PAGDAKILA SA PROPETA (ﷺ).....ANG SINUMANG GAWIN ANG KAARAWAN NG PROPETA (ﷺ) BILANG ISANG PAGDIRIWANG, BAGAMA'T NAGKAKAIBA ANG MGA TAO KUNG KAILAN ANG KANYANG KAPANGANAKAN.

SA KATUNAYAN, HINDI ITO GINAWA NG MGA SINAUNANG NINUNO. AT KUNG ITO TALAGA AY TUNAY NA MABUTI AT KANAIS-NAIS, MANGYARING ANG MGA SINAUNANG NINUNO ANG HIGIT NA KARAPAT-DAPAT NA NAUNANG MAGSAGAWA NITO KAYSA SA ATIN, SAPAGKAT SILA ANG MAY HIGIT NA MATINDING PAGMAMAHAL SA PROPETA (ﷺ). AT PAGDAKILA SA KANYA KAYSA SA ATIN. SILA SA KABUTIHAN AY HIGIT NA MASIGASIG.

ANG PAGMAMAHAL SA KANYA AT PAGDAKILA SA KANYA AY TANGING NASA PAGESUNOD SA KANYA, PAGTALIMA SA KANYA, PAGESUNOD SA KANYANG UTOS, PAGESASABUHAY NG KANYANG SUNNAH MAGING PALIHIM AT HAYAGAN. PAGPAPALAGANAP NG KANYANG MENSAHE AT ANG PAKIKIBAKA PARA ROON SA PAMAMAGITAN NG PUSO, GAWA AT SALITA.

TUNAY NA ITO ANG PAMAMARAAN NG MGA SINAUNA NA NANGUNGUNA (SA ISLAM) NA MGA “MUHAJIREEN” (TAGA MAKKAH) AT MGA “ANSAR” (TAGA MADINAH) AT NG MGA SUMUSUNOD NANG MAIGI SA KANILA.

SA KATUNAYAN, MAYROONG SINAUNA AT MAKABAGONG MGA AKLAT AT MGA LATHALAIN NA ISINULAT SA PAGTUTULIGSA SA BID-AH NA ITO. BUKOD PA SA ITO AY BID-AH AT PAGTUTULAD (SA MGA KRISTIYANO) AY NAGBIBIGAY DAAN SA PAGDARAOS NG IBA PANG MGA KAARAWAN, TULAD NG KAARAWAN NG MGA WALI (TAGAPAMAHALA) MGA DAKILANG GURO, MGA PINUNO KAYA NAMAN BINUBUKSAN NITO ANG MARAMING PINTO NG KASAMAAN.

2. ANG MGA BID-AH SA LARANGAN NG PAGESAMBA AT PAGPAPAKALAPIT SA ALLAH:

ANG MGA BID-AH NA GINAWA-GAWA SA LARANGAN NG MGA PAGESAMBA SA PANAHON NGAYON AY MARAMI.

ANG BATAYAN SA MGA PAGESAMBA AY “TAWQIFI” (MAY PATUNAY MULA SA QURAN AT SA TAMANG SUNNAH). KAYA HINDI MAISASABATAS ANG ISANG BAGAY NA PAGESAMBA MALIBAN KUNG MAY PATUNAY. KAYA ANUMANG BAGAY NA WALANG PATUNAY AY BID-AH

DAHIL ANG SABI NG PROPETA (ﷺ): ((مَنْ عَمِلَ عَمَلًا لَيْسَ عَلَيْهِ أَمْرُنَا هَذَا فَهُوَ رَدٌّ))

[ANG SINUMANG GUMAWA NG ISANG GAWAIN NA HINDI NAKABATAY SA KAUTUSAN NAMING ITO, ITO AY TATANGGIHAN]. ISINALAYSAY NI MUSLIM

ANG MGA PAGSAMBANG GINAGAWA SA NGAYON NA WALANG BATAYAN AY LUBHANG MARAMI, ANG ILAN SA MGA ITO AY ANG MGA SUMUSUNOD:

1. ANG PAGBIGKAS SA NIYYAH (LAYUNIN) SA SALAH: SA PAMAMAGITAN NG PAGSABI NG “NAWAYTU AN USALLIYA LILLAAH” ITO AY BID-AH, SAPAGKAT ITO AY HINDI KABILANG SA SUNNAH NG PROPETA (ﷺ), AT SINABI NG ALLAH:

{قُلْ أَتَعْلَمُونَ اللَّهَ بِدِينِكُمْ وَاللَّهُ يَعْلَمُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ وَاللَّهُ بِكُلِّ شَيْءٍ عَلِيمٌ}

{SABIHIN MO (O MUHAMMAD): TINUTURUAN BA NINYO ANG ALLAH TUNGKOL SA INYONG RELIHIYON? GAYONG ANG ALLAH ANG NAKAKAALAM SA ANUMANG NASA MGA KALANGITAN AT ANUMANG NASA KALUPAAN, AT ANG ALLAH ANG GANAP NA NAKAKAALAM SA LAHAT NG BAGAY}. AL-HUJURAT (49): 16

ANG LUGAR NG NIYYAH AY NASA PUSO, SAPAGKAT ITO AY GAWAING PANGLOOB AT HINDI SA DILA.

2. ANG SAMA-SAMANG PAGBIGKAS NG DHIKR PAGKATAPOS NG SALAH, SAPAGKAT ANG ITINATAGUBILIN AY MAG-ISANG SASABIHIN NG BAWAT TAO ANG ITINATAGUBILING DHIKR.

3. ANG PAGHILING NA BASAHIN ANG FATIHAH SA MGA UKASYON AT PAGKATAPOS NG PANALANGIN AT PARA SA MGA PATAY.

4. ANG PAGDADAOS NG MGA HANDAAN PARA SA MGA PATAY, PAGGAWA NG MGA PAGKAIN, PAG-UPA NG MGA TAGABASA NG QURAN SA PAG-AAKALANG IYON AY BAHAGI NG PAGLULUKSA O IYON AY NAKABUBUTI SA PATAY. ANG LAHAT NG IYON AY MGA BID-AH NA WALANG BATAYAN, MGA PASANIN AT MGA PABIGAT NA HINDI NAMAN BINABAAN NG ALLAH NG KAPAHINTULUTAN.

5. ANG PAGDIRIWANG NG MGA ANIBERSARYONG PANRELIHIYON TULAD NG ANIBERSARYO NG “AL-ISRA’ WAL-MI’RAJ” AT ANIBERSARYO NG PANANANDAYUHAN NG PROPETA (ﷺ) SA MADINAH.

ANG PAGDIRIWANG NA ITO SA MGA ANIBERSARYONG IYON AY WALANG BATAYAN SA ISLAM.

KABILANG DIN DOON ANG MGA GINAGAWA SA BUWAN NG RAJAB TULAD NG “UMRAH RAJABIYYAH” (UMRAH NA ISINASAGAWA SA BUWAN NG RAJAB). AT ANG MGA GINAGAWA SA BUWAN NA ITO NA MGA TANGING PAGSAMBA TULAD NG BULUNTARYONG SALAH AT PAG-AAYUNO PARA SA BUWAN NA ITO. SAPAGKAT ANG BUWAN NG RAJAB AY WALANG KALAMANGAN SA IBA PANG MGA BUWAN SA PAGSASAGAWA NG UMRAH, PAG-AAYUNO, SALAH, PAG-AALAY AT IBA PA.

6. ANG MGA SARI-SARING DHIKR NG MGA SUFI AY PAWANG MGA BID-AH AT MGA GAWA-GAWA, SAPAGKAT ANG MGA IYON AY SUMASALUNGAT SA MGA ITINATAGUBILING DHIKR, SA PAMAMARAAN, ANYO AT MGA ORAS NG PAGSAMBIT NITO.

7. ANG PAGTATAKDA SA GABI NG NISFU SHA'BAN (KALAGITNAAN NG BUWAN NG SHA'BAN) PARA SA TAHAJJUD. AT SA ARAW NITO PARA NAMAN SA PAG-AAYUNO, SAPAGKAT HINDI NAPATUNAYANG BUHAT SA PROPETA (ﷺ) ANG ANUMANG GINAGAWA PARA ROON LAMANG.

8. ANG PAGPAPATAYO NG MGA ESTRUKTURA SA IBABAW NG MGA PUNTOD AT GAGAWING MASJID ANG MGA IYON, ANG PAGDALAW UPANG MAGSAGAWA NG TABARRUK (PAGHAHANGAD NA MAGTAMO NG INAAKALANG BIYAYA), AT MAGSAGAWA NG TAWASSUL (PAGPAPAKALAPIT SA ALLAH) SA PAMAMAGITAN NG MGA PATAY NA NAKALIBING DOON AT IBA PANG MGA LAYUNING MAKASHIRK.

9. ANG PAGDALAW NG MGA BABAE SA MGA LIBINGAN, GAYONG ISINUMPA NG SUGO ANG MGA BABAING DUMADALAW SA MGA LIBINGAN AT ANG MGA TAONG GINAGAWA ITONG MASJID AT ANG MGA NAGLALAGAY DOON NG MGA ILAW O KANDILA.

ANG PANGWAKAS:

MASASABI NATIN NA ANG MGA BID-AH AY TAGAPAGHATID NG KUFR (KAWALAN NG PANANAMPALATAYA), AT ITO'Y PAGDARAGDAG SA RELIHIYON NG BAGAY NA HINDI INIATAS NG ALLAH, NI NG KANYANG SUGO (ﷺ).

ANG BID-AH AY KASAMAAN NA KABILANG SA MGA MALALAKING PAGSUWAY. SI SATANAS AY HIGIT NA NATUTUWA ROON KAYSA SA MGA MALALAKING PAGSUWAY, SAPAGKAT ANG SUMUSUWAY AY GUMAGAWA NG PAGSUWAY SAMANTALANG NALALAMAN NIYA NA IYON AY PAGSUWAY, KAYA NAMAN MAPAGSISISIHAN NIYA IYON, SAMANTALANG ANG ISANG TAONG GUMAGAWA NG GAWAING BID-AH AY KANYANG PINANINIWALAAN NA PAGSAMBANG MAKAPAGPAPALAPIT SA KANYA SA ALLAH, KAYA NAMAN HINDI NIYA ITO MAPAGSISISIHAN.

ANG MGA BID-AH AY KUMIKITIL SA MGA SUNNAH AT NAGPAPASUKLAM SA MGA GUMAGAWA NITO NA AYAWAN ANG PAGGAWA NG MGA SUNNAH AT ANG MGA NAGSASAGAWA NITO. ANG BID-AH AY NAGPAPALAYO SA (ISANG MUSLIM) SA ALLAH AT NAGIGING DAHILAN UPANG ANG KANYANG GALIT AT PARUSA AY KARAPAT-DAPAT SA MGA GUMAGAWA NITO, AT ITO RIN ANG NAGIGING DAHILAN NG PAGLISYA AT PAGIGING TIWALI NG MGA PUSO.

ISINALIN SA TAGALOG NI: MOHAMMAD TAHA ALI
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

الطبعة الثالثة — مزيدة ومنقحة ١٩/١٢/١٤٣٧ هـ